UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo–Leninismo–Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas




OKTUBRE 1983

## NILALAMAN

Ibagsak ang pasistang diktadurang US-Marcos. Buuin ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon!

(ISANG MAHIGPIT NA MENSAHE SA SAMBAYANANG PILIPINO)

p. 3

Sa buong panahon ng paghaharing US-Marcos, unti-unting natipon sa dibdib ng mamamayan ang matinding galit dito--sa pagdudulot ng lubos na paghihikahos, sa pagyurak sa kanilang mga karapatan, sa paghahasik ng terorismo, sa paglustay ng pera ng bayan, sa panloloko't pagsisinungaling.

Nitong nakaraang mga linggo, umapaw ang galit na iyon at dumaloy sa isang malawak na kilusang masa laban sa diktadura.

Higit kailanman, ang hayagang pagprotesta at paglaban ng mamamayan ay nagpapakita sa sukdulang pagkakahiwalay ng rehimeng US-Marcos. Higit kailanman, ang pagkilos ng mamamayan ay dapat maituon sa pagbabagsak sa diktadurang US-Marcos at pagtatatag ng isang demokratikong gubyernong bayan.

## I. Ang pambansang kalagayan 3

A. Sumiklab ang poot ng sambayanan na maraming taon nang naiipon. 3

B. Mabilis na sumusulong ang armadong pakikibaka sa kabila ng humihigpit na programa ng rehimen sa "kontra-insureksyon." 7

K. Mabilis na lumalawak ang Pambansang Nagkakaisang Prente laban sa pasismo, imperyalismong US at pyudalismo, kasabay at katugon ng armadong pakikibaka. 9

D. Ang malubhang krisis sa ekonomya ay lubos na nagpapahirap sa mamamayan at nagpapatingkad sa pagkakahiwalay ng diktadura. 10

E. Sa pulitika, lubhang nakahiwalay ngayon ang pasistang rehimeng niyayanig ng lumalalang krisis sa ekonomya. 12

G. Ang imperyalismong US, na sumusuray sa gitna ng sariling krisis sa pulitika't ekonomya, ay nag-atas kina Marcos at iba pang papet na diktador na paigtingin pa ang pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan. 13

## II. Ano ang dapat nating gawin? 14

1. Ang demokratikong rebolusyong bayan ang tanging landas para matamo ng sambayanan ang pambansang kalayaan at demokrasya. 14

2. Pawiin ang mga ilusyon at tuligsain ang lahat ng mga palasuko at kolaboreytor. 18

3. Isulong ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan habang pinasisigla at pinalalawak ang hayag na mga pakikibaka ng mamamayan at itinatayo ang pambansang nagkakaisang prente. 21

4. Itayo ang ating organisadong lakas habang pinauulanan ng pinakamaririing bigwas na militar at pulitikal ang diktadurang US-Marcos. 22

5. Nyutralisahin at himuking pumanig sa mamamayan ang mga sundalo at tauhang paramilitar ng kaaway, gayundin ang nakabababang mga upisyal at empleyado ng gubyerno. 23

6. Ihiwalay ang diktadurang US-Marcos sa buong daigdig at pagpunyagiang makamit ang pinakamalawak na suporta para sa rebolusyong Pilipino. 23

## I. Ang pambansang kalagayan 3

A. Sumiklab ang poot ng sambayanan na maraming taon nang naiipon. 3

B. Mabilis na sumusulong ang armadong pakikibaka sa kabila ng humihigpit na programa ng rehimen sa "kontra-insureksyon." 7

K. Mabilis na lumalawak ang Pambansang Nagkakaisang Prente laban sa pasismo, imperyalismong US at pyudalismo, kasabay at katugon ng armadong pakikibaka. 9

D. Ang malubhang krisis sa ekonomya ay lubos na nagpapahirap sa mamamayan at nagpapatingkad sa pagkakahiwalay ng diktadura. 10

E. Sa pulitika, lubhang nakahiwalay ngayon ang pasistang rehimeng niyayanig ng lumalalang krisis sa ekonomya. 12

G. Ang imperyalismong US, na sumusuray sa gitna ng sariling krisis sa pulitika't ekonomya, ay nag-atas kina Marcos at iba pang papet na diktador na paigtingin pa ang pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan. 13

## II. Ano ang dapat nating gawin? 14

1. Ang demokratikong rebolusyong bayan ang tanging landas para matamo ng sambayanan ang pambansang kalayaan at demokrasya. 14

2. Pawiin ang mga ilusyon at tuligsain ang lahat ng mga palasuko at kolaboreytor. 18

3. Isulong ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan habang pinasisigla at pinalalawak ang hayag na mga pakikibaka ng mamamayan at itinatayo ang pambansang nagkakaisang prente. 21

4. Itayo ang ating organisadong lakas habang pinauulanan ng pinakamaririing bigwas na militar at pulitikal ang diktadurang US-Marcos. 22

5. Nyutralisahin at himuking pumanig sa mamamayan ang mga sundalo at tauhang paramilitar ng kaaway, gayundin ang nakabababang mga upisyal at empleyado ng gubyerno. 23

6. Ihiwalay ang diktadurang US-Marcos sa buong daigdig at pagpunyagiang makamit ang pinakamalawak na suporta para sa rebolusyong Pilipino. 23

Ang Bayan   Taon 15   Bilang 6   Oktubre 1983

# Ibagsak ang pasistang diktadurang US-Marcos, Buuin ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon!

(Isang Mahigpit na Mensahe sa Sambayanang Pilipino)

## I. Ang pambansang kalagayan

Di makaahon-ahon sa krisis ang pasistang diktadurang US-Marcos at ngayo'y hiwalay na hiwalay sa larangan ng pulitika. Mabilis na gumuguho ang kapangyarihan nito, nawawala ang kontrol sa pulitika, at niliiligalig ito ng lumalaking alitang panloob. Tuluy-tuloy na itong madudurog.


Patunay sa pagkahiwalay ng diktadura, at nagpapalala sa pagkahiwalay na ito, ang mabilis na lumalaganap at tumitinding kilusang masang anti-diktadura sa kalunsuran at ang mabilis na sumusulong na armadong pakikibakang isinasagawa ng sandatahang lakas ng mamamayan sa kanayunan.

Ang kasalukuyang krisis sa ekonomya, na tinampukan ng dalawang magkasunod na debalwasyon ng piso kamakailan, ay nagwawasak sa kabuhayan ng mamamayan at lalong gumagatong sa kanilang poot.

Ang bawat araw ng militante't rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan ay patuloy na yumayanig at nagpapahina sa mismong pundasyon ng diktadura at naglalapit dito sa ganap na pagkawasak.

### A. Sumiklab ang poot ng sambayanan na maraming taon nang naiipon.

Sa Metro Manila at iba pang syudad sa Pilipinas, milyun-milyong mamamayan ang mapangahas at militanteng nagmamartsa sa kalye at nagsasagawa ng iba pang



porma ng pakikibakang masa, na lantarang paglaban sa pasistang paghahari ng diktador ng papet na rehimeng Marcos at ng amo nito at prinsipal na tagasuporta, ang imperyalismong US.

Nagkakaisa ang layunin ng mamamayan: wakasan ang mapagsamantala, mapang-api, bulok at taksil na diktadurang nagpalasap sa kanila ng napakaraming karahasan, pasakit, at pagdurusa sa kanilang buhay.

Ang nagsilbing mitsa sa kasalukuyang pagsiklab ng poot ng mamamayan at paghamok nila sa diktadurang US-Marcos ay ang malupit at patraydor na asasinasyon sa dating senador na si Benigno Aquino Jr. pagdating niya mula sa United States noong Agosto 21.

Si Aquino ang nangungunang lider ng oposisyong burges-liberal sa Pilipinas, ay nagtiis ng halos walong taon ng mag-isang pagkakapiit sa mga bilangguan ng rehimen at tatlong taon ng pagkadistyero sa United States. Sa kabila ng malaking piligro at mahinang pag-asang magtagumpay, umuwi siya upang tipunin, organisahin muli at pagkaisahin ang watak-watak na pwersa ng ligal na oposisyon para labanan ang rehimeng Marcos.

Noong papauwi rito si Aquino, nililigalig ang rehimen ng lumalalang pampulitika at pang-ekonomyang krisis na ito mismo ang lumikha. Hindi makakayanan ng rehimen na dagdagan pa ni Aquino ang mga problema nito at ilagay sa piligro ang paluwag nang paluwag na kapit nito sa kapangyarihan. Nagdisisyon ang

desperadong rehimen na ipabaril na siya pagdating sa erport, ilang sandali lamang pagkaraan siyang arestuhin.

Ang mga utak ng krimeng ito, na buong karuwagang isinagawa, ay ang walang awang diktador na si Marcos mismo, ang kapritsosa't ambisyosang si Imelda Marcos, si Hen. Fabian Ver, ang pinakapinagkakatiwalaan niyang bataan sa reaksyonaryong Armadong Pwersa ng Pilipinas (AFP), at ang panginoong militar na si Eduardo Cojuangco, na ang imperyo sa ekonomya ay maraming beses na lumaki sa ilalim ng batas militar dahil sa tangkilik ng kumpare niyang si Marcos.

May segundaryong responsibilidad din ang imperyalismong US sa asasinasyon kay Aquino--laluna ang administrasyong Reagan--dahil sa pagsuporta nito sa rehimeng Marcos sa paggamit ng pasistang karahasan at pagyurak sa mga pambansa at demokratikong karapatan ng sambayanang Pilipino. Nagawang patayin ng rehimen si Aquino nang garapalan at walang kinatatakutang parusa dahil labis na pinamihasa at lalong sinusuportahan ito ng imperyalismong US.

Hindi lamang ang asasinasyon ang dahilan ng pagngangalit ng sambayanang Pilipino, bagamat sapat na iyong makapagpasiklab sa poot ng napakaraming mamamayan. Nariyan din ang buktot at magaspang na pagsisikap ng rehimen na pagtakpan ang sariling krimen at ibaling ang sisi sa iba, kabilang na ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Bagong Hukbong Bayan. Tulad ni Hitler na idolo ni Marcos, inaakala niyang kapag inulit-ulit ang isang kasinungalingan ay mapapaniwalaan iyon ng mamamayan.

Dahil gayon ngang kagarapal ng binalak na krimen, malamang na inaasahan naman ng rehimen ang ibubunga nitong alingasngas. Pero malamang na ipinalagay din nitong lilipas din iyon, unti-unting magmamaliw sa kamalayan ng bansa, at tuluyang malilimutan.

Malinaw na nagkamali ang rehimen sa magiging timpla ng mamamayan. Ipinagdalamhati nila nang lubos ang pagkamatay ni Aquino, at ang matagal nang kinikimkim nilang poot ay sumiklab sa malawakang pagpapahayag ng pagngangalit at pagkakaisa laban sa rehimen.

Daan-daang libo silang matiyagang pumila para magpugay sa minartir na bangkay. Nang ilibing si Aquino, milyun-milyon silang nagmartsa nang ilang oras sa ulan, o nagkulu-kulumpon sa rutang dinaanan ng libing. At noong Setyembre 21, ang ika-11 anibersaryo ng pagpataw ng batas militar, nagtipon-tipon ang mamamayan sa Liwasang Bonifacio sa Maynila para idaos ang pinakamalaki nang rali laban sa diktadura.

Bago at matapos ang libing ni Aquino at ang malawakang demonstrasyon noong Setyembre 21, nagkaroon ng marami pang aksyong protesta sa iba't ibang dako ng Metro Manila at sa iba pang syudad sa buong Pilipinas, kabilang ang Baguio, Angeles, Legaspi at Naga sa Luson; Cebu, Bacolod at Iloilo sa Kabisayaan; at Davao, Cagayan de Oro at Zamboanga sa Mindanaw.

Hindi lamang katarungan para kay Aquino at sa lahat ng iba pang biktima ng pasistang karahasan at pang-aabuso ang iginiit ng mga manggagawa at iba pang maralita ng lunsod, magsasaka, istudyante at iba pang kabataan, propesyunal, relihiyoso, negosyante, empleyado ng mga pribadong korporasyon, at pati empleyado ng gubyerno. Gusto nilang wakasan ang rehimeng Marcos.

Marami sa mga dumadalo sa mga rali at demonstrasyon ang lumalahok na sa mga aksyong masa laban sa diktadura bago pa man patayin si Aquino. Pero marami rin ang dati'y takot at di aktibo sa pulitika, at noo'y nagpapahayag lamang ng kanilang protesta sa loob ng pamilya at sa pinagkakatiwalaang mga kaibigan. Ngayon ay lumalabas na sila sa kalye at lantarang nagpoprotesta.

Kapansin-pansin sa mga aksyong masa ang pagdalo ng buu-buong pamilya at angkan, kabilang ang mga bata. At sa maraming paraan ipinahayag ng mga tao ang kanilang protesta. Liban sa mga martsa at rali, nagpipiket sila sa malalaking empresa sa komersyo at serbisyo na pag-aari ng pangkating Marcos, nagboboykot sa mga pahayagang pag-aari at kontrolado ng pangkatin, sumusulat sa mga editor ng mga dyaryo, tumetelepono sa mga programa sa radyo, nag-iimprenta, kumokopya

at namamahagi ng mga manipesto at iba pang propaganda, nagpapaskel ng mga poster sa mga lugar na publiko, nagpipinta ng islogan sa mga pader, at lumalahok sa iba pang aktibidad tulad ng rali sa loob ng gusali, simposyum at mga kumbokasyon. Ang "kalampag-ingay" ay naging mabisang sandata para matuliro ang kaaway, at gayundin, ang mga pira-pirasong papel na ihinahagis mula sa matataas na gusali.

Binibigyang-laya ng napukaw na mamamayan ang kanilang pagkamapanlikha, inisyatiba, kapangahasan at tapang.

Dala ng malakihang kilusan laban sa diktadura, pinatigas ng mga liberal na oposisyonista ang kanilang determinasyong labanan ang rehimeng Marcos, samantalang kahit pansamantala'y nasasaisantabi ang ilang palasuko at kolaborasyonista sa kanilang hanay.

Maging ang mga malaking burges na kumprador at malaking panginoong maylupa na di kabilang sa pangkating Marcos ay tumutulong sa pag-oorganisa at lumalahok sa ilang malaki-laking aksyong protesta, laluna sa mga sentro ng pinansya at komersyo sa Makati at sa Binondo sa Maynila. Gusto nilang ipaalam na sila man ay punung-puno na sa kabulukan, masamang pamamahala, panloloko at terorismo ng rehimen.

Iniutos ng desperadong rehimeng Marcos sa mga sundalo, pulis at mga mambubuyong ahente nito na magpaputok sa hanay ng mga demonstrador at kahit sa mga nanonood lamang, pwersahang lansagin ang mga mapayapang pagtitipon sa pamamagitan ng batuta, teargas, bomba ng tubig, at baril, magtayo ng mga tsekpoynt para manggulo at manakot. Nagbanta pa itong muling ipapataw ang batas militar, gayong tuluy-tuloy namang umiiral ang batas militar sa bayan mula 1972.

Ang mga hakbang na ito ay naglalayong sindakin ang mamamayan para itigil na ang kanilang mga hayagang pakikibaka sa rehimen. Subalit lalo lang nagatungan ang poot ng mamamayan. Di sila nagpatakot, at sa halip ay naglulunsad pa ng mas maraming aksyong masa at sa higit na maraming lugar sa buong Pilipinas. Namumulat sila sa pamamagitan ng kanilang tuwirang paglahok sa pakikibaka, at napapanday sa higit pang militanteng pakikibaka sa hinaharap.

Tulad ng nabanggit, ang asasinasyon kay Aquino ay nag-udyok sa mamamayan na makibaka. Subalit ang galit nila sa rehimen ay hindi sumulpot sa loob lamang ng magdamag. Ilan taon na itong nabubuo, laluna mula noong unang bahagi ng 1981.

Noong 1981 ipinahayag ng rehimen ang "pag-aalis" sa batas militar; noong taong iyon idinaos ng rehimen ang "eleksyong presidensyal;" noon ipinahayag ng rehimen ang pagkakumpleto sa programa nitong "normalisasyon."

Anupa't walang nalinlang nang "alisin" ang batas militar. Paano'y pinanatili at patuloy na hinawakan ni Marcos ang lahat ng pasistang kapangyarihan na sinarili niya mula noong 1972 at dinagdagan pa mandin ang mga ito. Dagdag pa, sa halip na bawasan ang pasistang panunupil para umayon sa diumano'y pag-aalis sa batas militar, lalo pang pinatindi ang militarisasyon sa buong bayan, laluna sa kanayunan.

Ang "eleksyong presidensyal" ay kapareho rin ng naunang mga ginawang paghuhuwad ng rehimen sa kagustuhan ng mamamayan sa ilalim ng batas militar. Dahil walang kumandidato sa oposisyon, nagkunwari na lamang ang rehimen na idaos ang eleksyon at iprinoklamang "nanalo" si Marcos para sa pagkapresidente sa loob ng anim pang taon. Tungkol naman sa "normalisasyon," ang talagang ibig sabihin nito'y ang pagiging institusyon na ng paghahari ng pasistang diktadura ng pangkating Marcos at mga amo nitong imperyalista ng US.

Lahat ng ito--ang huwad na pag-aalis sa batas militar, ang tumindi pang panunupil at militarisasyon, ang bogus na eleksyong presidensyal, at ang pagiging institusyon ng pasismo--ay nagpaalab sa galit at paglaban ng sambayanan at lalong nakapaghiwalay sa rehimen sa pulitika.

Subalit hindi pa ito ang lahat. Bumulusok noong 1981 ang tuluy-tuloy na lumalalang pambansang ekonomya dahil sa lantarang katiwalian at mga mapangwasak na patakaran ng rehimeng Marcos, kalakip na ang pagbibigay nito sa pabigat nang pabigat na imposisyon ng imperyalismong US.

Sa gayon, nagkumbinasyon ang tuluy-tuloy at matinding tiraniya sa pulitika at pagsasamantalang pang-ekonomya upang palalain pa ang miserable nang buhay ng mamamayan. Pinag-alab din ng kumbinasyong iyon ang militante't rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan laban sa diktadurang US-Marcos.

Para sa masang manggagawa, ang ibig sabihin ng patuloy na batas militar at krisis sa ekonomya ay lalong pagliit ng halaga ng kanilang kakarampot na sahod, pagtindi ng kapitalistang pagsasamantala at pagkaalis sa trabaho, pagsupil sa kanilang karapatang mag-organisa ng malaya't militanteng mga unyon at karapatang magwelga, at kakulangan ng mapapasukang trabaho. Ang sagot ng masang manggagawa ay magbunsod ng kilusang welga. Sa dami ng welga at manggagawang lumahok, ang mahigit 400 welga na inilunsad ng 154,000 manggagawa noong 1981-82 ay isa sa pinakamaningning na panahon sa kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas. Daang libong manggagawa rin ang lumahok sa mga rali at malalawak na demonstrasyong pampulitika mula 1980 hanggang 1982 sa pagpapatindi ng kanilang pakikibaka sa pasismo at imperyalismo, at kaisa ng masang magsasaka, sa pakikibaka sa pyudalismo. Ipinapadala rin ng mga manggagawa ang kanilang mga pinakaabante sa pulitika para sumali sa Bagong Hukbong Bayan o sa rebolusyonaryong kilusang lihim sa syudad.

Para sa masang magsasaka, ang ibig sabihin ng patuloy na batas militar at tumitinding militarisasyon--at ng lumalalang krisis sa ekonomya--ay gutom, masaker, sapilitang ebakwasyon at rekonsentrasyon sa mga "istratehikong hamlet," pang-aagaw ng lupa, panunog, pangingikil at pagnanakaw, panggagahasa, walang batayang pang-aaresto, at tortyur. Ang sagot nila ay hindi lamang maglunsad ng papalaking pakikibakang masang antipasista at antipyudal, kundi maramihang pagsampa rin sa Bagong Hukbong Bayan at pagsuporta rito sa iba't ibang paraan tulad ng paghahandog ng masisilungan at makakain sa mga gerilyang bayan, at paniniktik sa kaaway. Dahil sa pagtataguyod nilang ito'y bumilis ang pagpapalawak at pagsulong ng armadong pakikibaka sa buong bayan.

Para sa mga petiburges ng lunsod, ang ibig sabihin ng batas militar at krisis sa ekonomya ay ang lumiliit na halaga ng mababa nang sweldo nila, tumataas na buwis at iba pang walang batayang pagkakaltas mula sa kanilang kita, lalong tumataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo, at panunupil sa kanilang mga demokratikong karapatan. Ang pagtatangka ng rehimen na lokohin sila sa pamamagitan ng kontrolado nitong masmidya ay lalo lang nagpagalit sa kanila. Ang kanilang sagot ay lantarang pagprotesta at paggigiit sa kanilang mga karapatan sa pulitika at ekonomya. Kabilang sa mga nagpoprotesta ang mga titser sa mga iskwelahang publiko at pribado, doktor, nars at iba pang sektor sa kalusugan, empleyado sa bangko at seguro, manggagawa at empleyado sa komunikasyon, empleyado sa korte at iba pang kawani ng gubyerno. Ang mga istudyante at iba pang kabataang biktima ng tumataas na matrikula, pasistang sistema sa edukasyon at panunupil sa mga demokratikong karapatan ay nangunguna sa kilusang masa sa syudad, kasama ang mga manggagawa, tao ng simbahan at propesyunal. Nakapag-aambag din ang mga petiburgesya ng lunsod sa hukbong bayan at kilusang lihim sa lunsod.

Para sa pambansang burgesya, ang ibig sabihin ng patuloy na batas militar at krisis sa ekonomya ay tumataas na buwis, pagkakait ng mga pautang na minomonopolisa ng pangkating Marcos at ng mga dambuhalang korporasyong transnasyunal, madayang kumpitisyon ng mga kalakal ng US at Japan na maramihang itinatambak dito, sa kunsinti ng papet na rehimeng Marcos. Ang mga pambansang kapitalista ay nagbibigay ng tulong, sa iba't ibang paraan, sa pambansa-demokratikong kilusang rebolusyonaryo.

Ang bogus na eleksyong presidensyal noong 1981 ay nagbigay daan sa noo'y pinakamalaking pambansang alyansa na nakapagbuklod sa mayorya ng mga botante ng bansa para iboykot ang "eleksyon." Mapangahas na nilahukan at pinalakas ng mga oposisyonistang burges-liberal ang malawakang kilusang pagboykot, at sa ganito'y epektibong binigo ang pagtatangka ng rehimen na bitagin silang sumali at magbigay ng kahit kaunting anyong lehitimo sa katawa-tawang eleksyon.

Ang reaksyon ng rehimeng Marcos sa lahat ng ito ay gaya rin ng dati: mas matinding panunupil. Kabilang na dito ang ibayo pang militarisasyon sa kanayunan, walang batayang pang-aaresto at pagkukulong ayon sa bantog na *presidential commitment order* o PCO, at "pagsasalbeyds" (o walang pakundangan at lihim na pagpatay) sa mga pinagsusupetsahang "subersibo." Buong katusuhang pinirmahan din ni Marcos ang isang dikretong presidensyal, na ang petsa'y ilang taon nang

nakalilipas, na ginagawang parusa ang kamatayan sa mga may kasong sedisyon at rebelyon.

Sunud-sunod na ginamit ng rehimen ang PCO para hulihin ang antipasista at progresibong mga manggagawa, relihiyoso, peryodista at iba pang mamamayan.


Sa kaso ng mga inaresto at ikinulong na lider-obrero, ang kanilang "krimen" ay igiit ang karapatang magwelga at iba pang karapatang pang-unyon. Sa kaso ng mga relihiyoso, ang "krimen" ng mga inarestong pari at madre at iba pa ay lumahok sa aksyong panlipunan at dito'y kabilang ang pagtulong sa mga biktima ng pasismo na humingi ng katarungan. Sa kaso ng mga nasa masmidya, ang "krimen" ng mga inarestong peryodista ay tangkaing balansihin ang kanilang pag-uulat at pagkokomentaryo sa lipunang Pilipino.

Sa harap ng panunupil ng rehimen, naglunsad ng sunud-sunod na kampanyang protesta ang malawak na alyansa laban sa diktadura. Nagprotesta ito sa mga "pagsasalbeyds" at iginiit ang pagpapalaya sa mga detenido at bilanggong pulitikal, iginiit na pawalang-bisa ang PCO (na pinalitan ni Marcos, ng kaparehong-kaparehong mapanupil na *preventive detention action* o PDA), at iginiit na pawalang-bisa ang mga sikretong dekreto. Noong idinadaos ang negosasyon sa pagitan ng administrasyong Reagan at rehimeng Marcos kaugnay ng kasunduan sa mga baseng militar ng US, iginiit ng alyansa na dapat alisin ang mga baseng militar na ito mula sa Pilipinas. Tinutulan din ang dominasyon ng mga imperyalistang US sa ekonomya, kabilang ang kontrol dito ng IMF-WB.

Nang patayin ng rehimen si Aquino, di man sinasadya'y pinakawalan ang kasalukuyang malawakang kilusang masa na naggigiit na wakasan ang papet at pasistang paghahari, at wakasan ang mismong rehimeng US-Marcos.

## B. Mabilis na sumusulong ang armadong pakikibaka sa kabila ng humihigpit na programa ng rehimen sa "kontra-insureksyon."

Habang ipinapahayag ng rehimeng US-Marcos ang "pag-aalis" sa batas militar noong 1981, parami nang parami ang ipinapadala nitong bayarang tropa sa mga larangang gerilya at sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa buong Pilipinas.



Sa tulong ng administrasyon ni Reagan na di lang nagsusuplay ng lohistika kundi pati mga plano sa operasyon, naglunsad ng mga operasyon ang rehimen, tulad ng "Oplan Katatagan," at "Oplan Cadena de Amor." Pinaganda pa ang mga pangalan, ang ibig sabihin lamang ng mga oplan ay pagpapasinsin ng tropa at terorismo, malakihan at matagalang operasyong militar, pagpapalikas at pagkontrol sa taumbayan, kaunting "pagpapakabait" ng AFP, walang batayang pagpatay sa mga sibilyan para maparami ang iuulat na "napatay sa labanan," pamimilit sa mga lokal na upisyal at organisasyong sibiko na sumali sa programang "kontra-insureksyon," kunwari'y pagsurender ng mga pinalalabas na "BHB" at mabangis na *"psychological warfare"* (*"psywar"*) at pagtatangkang magpakalat ng mga kasinungalingan.

Nagdeploy ang rehimen ng maraming batalyon para maghasik ng lagim sa Quezon-Bikol, Mindanaw, Samar at bulubundukin ng Kordilyera. Lahat-lahat, 55 batalyong panagupa ngayon ang nasa mga larangang gerilya ng BHB, at umaabot sa 15 batalyong panagupa ang nasa mga larangang gerilya ng MNLF-BMA.

Noong ang AFP ay nagtatamasa pa (at hanggang ngayon ay nagtatamasa pa rin) ng kalamangan sa mga gerilyang bayan sa bilang at lohistika, ang mga pwersang panagupa nito, sa katunayan, ay nakakalat nang manipis sa malawak na kanayunan. Umabot ito sa punto na naghuhugot na ang AFP ng mga tauhan mula sa mga upisina at sa gawaing sibilyan para isabak sila sa labanan.

Para mapalakas ang mga batak na batak na pwersang regular nito, nagtayo ang AFP ng parami nang paraming mga yunit ng CHDF at ibang yunit paramilitar sa pamamagitan ng pamimilit sa mga taumbaryo na sumapi. Nirekluta rin sa CHDF ang mga lokal na maton at pipitsuging kriminal na pinangakuan ng mga pagkakataong mandambong sa pamamagitan ng pangingikil at pagnanakaw.

Sa kakapusan ng tao, pinilit din ng AFP ang mga pulis at bumbero, pribadong sikyuriti, baranggay tanod at mga ronda para tumulong sa mga programang "kontra-insureksyon." Nambuyo rin sa mga pambansang minorya upang sila'y magdigmaan, at inarmasan ang mga organisasyong panatiko sa Kabisayaan at Mindanaw.

Subalit sa halip na masugpo ang armadong pakikibaka ng mamamayan, lalo pang mabilis itong sumulong sa buong kapuluan.

Milyun-milyong manggagawa't magsasaka ang lumahok at aktibong sumuporta sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka laban sa pasistang rehimen. Ang mga CHDF ay madali-daling napagkukunan ng riple at bala. Nagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa hukbong bayan at organisasyong masa ang maraming lokal na pulis. Mabilis na lumawak ang mga panlabang yunit, pangkat propaganda, mga organisasyong pansuporta sa lohistika at medikal, at mga yunit ng milisya ng hukbong bayan.

Hindi lang nabigo ng BHB at ng rebolusyonaryong masa ang malakihan at matagalang mga operasyong militar ng kaaway, nagtagumpay pa silang palawakin ang dating mga larangang gerilya at sonang gerilya at nakapagtayo pa ng mga bago.

May tatlong prinsipal na dahilan dito.

Una, parami nang paraming mamamayan ang tuwirang lumalahok sa armadong pakikibaka at nagbibigay dito ng higit na pampulitika't materyal na suporta. Ang pinakaabante sa pulitika sa hanay ng masang manggagawa at magsasaka, istudyante at iba pang petiburges, at mula sa pambansang minorya, ay nakapagpapalago sa Bagong Hukbong Bayan. Nagbibigay din sila ng materyal na suporta gaya ng mga baril, bala, gamot, pagkain at masisilungan. Tumutulong din sila sa pagmamanman sa kaaway.

Pangalawa, mahigpit na kumakatig ang BHB sa wastong istratehiya't taktika ng digmang bayan na isinasaalang-alang ang partikular na mga katangian ng ating bayan. Mahigpit na nakakawing ang BHB sa masa at umaasa sa kanila, nagsasagawa ng sistematikong pampulitikang edukasyon sa hanay nila, at pinakikilos sila sa pakikibakang masa. Pangmatagalang digma ang inilulunsad ng BHB, at unti-unti itong nagpapalakas sa kanayunan habang sistematikong pinalalawak ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan, kabilang ang mga syudad. Unti-unti nitong pinahihina ang kaaway sa pamamagitan ng maraming bira. Umiiwas ito sa mga mapagpasyang labanan sa higit na nakalalamang na pwersa ng kaaway, habang nililipol ang kanilang mas maliliit, kalat-kalat at mahihinang yunit.

At pangatlo, sa taglay nilang giting, malasakit sa tungkulin at mataas na pagpapahalaga sa disiplina, buong pusong tinatanggap ng mga kadre ng BHB at mga Pulang mandirigma ang pinakamabibigat na sakripisyo; buhay man nila ang ialay, para sa pambansa at demokratikong interes ng bayan.

Saklaw na ngayon ng mga larangang gerilya at sonang gerilya ng BHB ang halos lahat ng mga probinsya at malalaking isla ng Pilipinas. Ang hukbong bayan ay matatagpuan ngayon sa lahat ng probinsya ng Hilagang Luson liban sa Batanes; sa lahat ng probinsya ng Gitnang Luson; sa lahat halos ng probinsya at malalaking isla sa Timog Luson; sa lahat ng pangunahing isla ng Kabisayaan; at 15 sa 18 probinsya ng pangunahing isla ng Mindanaw (ang MNLF-BMA ay nasa pitong probinsya sa pangunahing isla at sa tatlong probinsyang-isla ng Mindanaw). Ang mas malaki at mas abanteng mga larangang gerilya ay may laking-probinsya, at umaabot na ngayon ang BHB hanggang sa mga syudad na kanugnog o sakop ng mga larangang gerilya.

Dumadalas at lumalaki ang mga taktikal na opensiba ng BHB. Ang mga ambus, reyd, operasyong isparo at operasyong partisano sa syudad ay unti-unting lumalagas at nagdedemoralisa sa kaaway samantalang nakakakumpiska ng armas at nakakapagpalakas ang hukbong bayan.

Mapangahas at mapanlikhang napaunlad ng BHB ang epektibong mga taktikang gerilya tulad ng pagkokombinasyon ng marami't malawakang maliliit na operasyong gerilya at ng pana-panahong pag-atake sa mga pwersa ng kaaway na may laking-platun o -kumpanya; koordinasyon sa pagitan ng mga probinsya at rehiyon ng mga taktikal na opensiba at kontrakampanya; paniligalig o pagdurog sa mga

nahihiwalay na ditatsment ng kaaway at saka paglipol sa mga pwersang panaklolo ng kaaway; iba pang anyo ng panlalansi at pambibitag; panliligalig at pagharang sa pangunahing pwersa ng mga komboy o kolum ng kaaway para lipulin ang mga yunit nito sa unahan o hulihan; pagdisarma sa mga tropa ng kaaway nang hindi nagpapaputok o nang may pinakaunting palitan ng putok, sa pamamagitan ng sorpresa, propaganda at mapangahas na aksyon; at pagkokombinasyon ng operasyong militar at mga aksyong pampulitika ng mamamayan.

Sa bawat taon noong 1981 at 1982, nakaagaw ang BHB ng halos 1,000 malalakas na armas mula sa kaaway. At sa unang anim na buwan ng 1983 lamang, nakaagaw ito ng mahigit 1,000 malalakas na armas ng kaaway. Sa loob ng anim na buwang ito, nakapatay o nakasugat ang BHB ng 1,500 regular na tropa at pwersang paramilitar ng kaaway, kabilang ang 50 kumander ng mga yunit (ang ilan ay koronel) at upisyal na istap. Dagdag pa, nakabihag o nakapagpasurender ang hukbong bayan ng 400 hanggang 500 pang regular na tropa at tauhang paramilitar ng kaaway. Alinsunod sa mahigpit na alituntunin ng BHB, pinakitunguhan nang mahusay ang mga bihag, ginagamot ang kanilang mga sugat, at kaagad silang pinalalaya.

Miserableng kabiguan ang sinapit ng mga Oplan "Katatagan," "Cadena de Amor" at kaugnay na mga programang "kontra-insureksyon" ng AFP. Ang pagdagsa ng mga tropa nito sa Mindanaw, Samar, bulubunduking Kordilyera at Lambak ng Cagayan ay nagbunga ng higit pang paglawak at pag-igting ng pakikidigmang gerilya ng mamamayan.

Para mapagtakpan ang mga kabiguang ito, marami pang taumbaryo ang pinagpapatay ng AFP upang mapataas ang "bilang ng napatay" nila. Nagpapalabas sila ng mga kunwa-kunwaring pagsurender ng mga "BHB," na katunaya'y mga taumbaryong pinipilit dumalo sa mga "rali para sa kapayapaan" at sumumpa ng katapatan sa rehimen.

Habang kumakalat at tumitindi ang pakikidigmang gerilya sa mga lugar na kinikilusan ng BHB, muling sumisigla ang armadong pakikibaka ng MNLF-BMA sa mga larangan at sonang gerilya nila, na ang ilan ay kanugnog ng mga lugar ng BHB sa timog-kanluran at gitnang Mindanaw. Pinatutunayan nito ang determinasyon ng mamamayang Moro na ipaglaban ang kanilang karapatang magpasya sa sarili at ang iba pang mga demokratikong karapatan na patuloy na sinusupil ng rehimeng Marcos at imperyalismong US.


Sa pagbugso sa buong Pilipinas ng anti-diktadurang kilusang masa, kahit ang mga konserbatibo't tradisyunal na mga lider ng Moro ay nagbabantang sumuporta na rin sa armadong pakikibaka ng MNLF-BMA, kung hindi agad ititigil ng rehimen ang pananalakay sa kalayaan ng mamamayan.

Sa maraming bahagi ng Mindanaw ngayon, nagtutulungan ang BHB at BMA sa iba't ibang paraan upang harapin ang parehong kaaway, ang diktadurang US-Marcos.

Nitong huli, may lumitaw ding maliliit na armadong grupo, o kaya'y mga grupong naghahanda para sa armadong pakikibaka, laban sa diktadura. Ang ating Partido at hukbong bayan ay nakahandang umalalay sa mga grupong ito, sa lahat ng paraan at sa abot ng makakaya. Katunayan, nabibigyan na ang ilan sa kanila ng gayong tulong, kabilang ang pagsasanay na pampulitika't militar.

K. <u>Mabilis na lumalawak ang pambansang nagkakaisang prente laban sa pasismo, imperyalismong US at pyudalismo, kasabay at katugon ng armadong pakikibaka.</u>

Ang pambansang nagkakaisang prente laban sa pasismo, imperyalismong US at pyudalismo ay ang alyansa ng lahat ng demokratikong uri, sektor at organisasyong nakikibaka sa pasistang diktadurang US-Marcos. Mabilis itong lumalawak mula 1981. Ang malalaking protesta na kasalukuyang dumadagundong sa buong bayan ay lalo pang nagpapalawak sa hanay ng nagkakaisang prente.



Magkakaiba ang mga programa't taktika ng mga grupo't organisasyong sinasaklaw ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente, pero nagkakaisa sila sa layuning labanan at ibagsak ang diktadura at

itatag ang demokratiko, independyente't nagkakaisang Pilipinas. Habang parang magkakapatid na nilulutas ang mga pagkakaiba ng pananaw, ang pareho nilang kaaway ay tinutuunan ng armadong pakikibaka at ng mga hayag na pakikibakang masa.

Nagkokonsolida't nagpapalawak ang pormal na organisasyon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente, ang Pambansa-Demokratikong Prente (National-Democratic Front o NDF), na parami nang paraming organisasyon ang naaakit. Kabilang sa mga ito ang ating Partido at hukbong bayan, at iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon ng mga Marxista, pambansa demokrata, Kristyano't sosyalistang Kristyano, liberal na demokrata, makabayan, at pambansang minorya.

Pambansa ang Pambansa-Demokratikong Prente sapagkat naninindigan ito't nakikibaka para sa tunay na pambansang independensya na di pinapakialaman at dinidiktahan ng mga imperyalista at ibang dayuhan. Pambansa rin ito sapagkat ipinaglalaban ang pambansang pagkakaisa. Demokratiko ang Pambansa-Demokratikong Prente sapagkat naninindigan ito't nakikibaka para sa pampulitika, pang-ekonomya't panlipunang interes ng mga demokratikong uri, saray at sektor ng lipunan, at laluna ng uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesya ng lunsod, at pambansang burgesya.

Nagtutulungan ang NDF at MNLF, at may inilunsad nang mga magkatuwang na proyekto sa loob at labas ng Pilipinas upang ihiwalay at labanan ang pasistang diktadura. Bumubuo rin ng mapagkaibigang mga ugnay ang NDF sa ligal na partido at organisasyong oposisyonista.


Sa ibayong dagat, ang mga mapagkaisang pagsisikap ng NDF ay nagbunga na ng pagkakaroon ng mapagkapatid at mapagkaibigang relasyon sa iba't ibang partido, kilusan para sa pambansang pagpapalaya, demokratikong organisasyon, at kahit mga gubyernong may simpatya para sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Itinataguyod din sila ng NDF.

May mga yunit ngayon ang NDF na kumikilos sa United States, Canada, Europa, mga kalapit-bayan ng Pilipinas sa Asya't Pasipiko, sa Gitnang Silangan, at maging sa Amerikang Latina't Aprika. Habang kinokonsolida ang mga nakamit na, higit pang pinapalawak ng NDF ang gawain nito sa ibayong-dagat.

Nagtutugunan at nagsusuportahan ang pagbubuo ng nagkakaisang prente at ang armadong pakikibaka. Unti-unti pero tuluy-tuloy, magkaagapay na itinutulak ng mga ito ang diktadurang US-Marcos sa ganap na pagbagsak.

C. Ang malubhang krisis sa ekonomya ay lubos na nagpapahirap sa mamamayan at nagpapatingkad sa pagkakahiwalay ng diktadura.

Likas sa malakolonyal at malapyudal na lipunan tulad ng sa Pilipinas ang pagiging atrasado ng ekonomya at ang pagkakaroon ng mga krisis sa kabuhayan.



Halos tuluy-tuloy ang krisis sa pambansang ekonomya mula nang ipataw ang batas militar noong 1972, at katunayan, mula nang humawak ng kapangyarihan ang pangkating US-Marcos noong 1966.

Ang pagkapapet at pakikipagsabwatan ng pangkating ito ay nagpahintulot sa mga monopolyong kapitalista, laluna ang mga imperyalistang US, na dambungin ang yaman ng Pilipinas, itambak dito ang kanilang mga produktong industriyal at pangkonsumo, ieksport dito ang kanilang sobrang kapital, at kontrolin ang sistema ng mga bangko at pinansya. Dahil ang rehimen ay ganap na nakasalalay sa mga bangko't pautangan ng mga imperyalista, walang lihis nitong sinusunod ang bawat gusto nila, upang makuha ang kinakailangang pondo mula sa dayuhan. Sa ganitong paraan naipataw ng imperyalismong US ang isang "programa sa pagpapaunlad" para sa Pilipinas na ang tuon ay sa pag-eeksport; ang programang ito ay nagtatali sa Pilipinas sa produksyon ng mga hilaw na materyales na agrikultural at mineral, saka ilang produktong pinal at intermedya, para sa mga abanteng bayang kapitalista. Monopolisado ng mga subsidyaryong imperyalista ang pagmamanupaktura sa Pilipinas; sa nakaraang ilang taon, nilusob na rin nila ang kanayunan, na tinatayuan ng lumalagong mga agbisnes na ang kasosyo ay mga myembro ng pangkating Marcos.

Ang paninilbihan bilang tauhan at kasapakat ng mga imperyalista ay nangangahulugan ng malalaking ganansya para sa naghaharing pangkatin. Nagbubulsa sila ng limpak-limpak na kwarta mula sa mga pautang at kontrata sa dayuhan. May monopolyo sila sa buu-buong sektor ng negosyong pang-eksport (gaya ng sa asukal at niyog), gayundin sa negosyong pang-import. Dinadala nila sa abrod ang kalakhan ng kanilang ganansya at ang bahagi naman ay napupunta sa maluhong pamumuhay. Sa loob ng 18 taon na nasa kapangyarihan ang pangkatin, ikinombinasyon ng pangkatin ang burukratang kapitalismo sa pinakamasahol na katangian ng sistemang angkan (kasama na ang "sistemang kumpadre") para dalhin ang upisyal na kabulukan sa antas na kailanma'y di napantayan sa nakaraan. Nagtatapon ng kwarta ng gubyerno sa korporasyon ng barkadahan, at nilulustay sa mayabang na mga proyekto at sa personal na pagdadambana sa mag-asawang Marcos. Talagang mahaba na ang listahan ng mga krimeng nagawa ng pangkating Marcos laban sa pambansang ekonomya.

Bumilis ang paglala ng ekonomya noong 1979 at 1980. Noong 1981, bigla ang pagbulusok nang ang mga panloob na kahinaan nito ay hindi na makatagal sa mapangpahinang mga epekto ng krisis sa ekonomya ng US at ng buong sistemang kapitalista sa mundo. Bagsak ang presyo sa pamilihang internasyonal ng mga pangunahing eksport ng Pilipinas. Lumalaki nang lumalaki ang utang sa loob at labas. Lumalaki rin ang mga depisit sa badyet ng pambansang gubyerno, balanse ng kalakalan at balanse ng bayaran. Lumampas ng 40 porsyento ang tantos ng disempleyo at kulang ng hanapbuhay. Mas marami't mas mabigat na buwis ang ipinapataw. Nagtaasan ang presyo ng mga bilihin, unang-una na ang gasolina (na naging mas mahal ito kahit nagbaba ng presyo sa benta ang mga bayang nag-eeksport ng langis). Ngayo'y mayroon pang walang mabiling mga pangunahing bilihin gaya ng asukal, mantika at sabon, mga produktong ang negosyo ay kontrolado ng pangkating Marcos. Halos bumagsak ang sistema ng pinansya nang di mabayaran ng malalaking burges na kumprador at malalaking panginoong maylupa ng pangkating Marcos ang bilyun-bilyong ipinautang sa kanila ng gubyerno, bilyun-bilyon pang pera ng bayan ang ibinubos sa kanilang mga korporasyon para sagipin ang mga ito sa tuluyang paglubog.

Noong 1981, ang kabuuang pambansang produkto (GNP) ay lumaki lamang nang 3.7 porsyento, ang pinakamababang tantos mula 1972. Noong 1982, lalo nang bumaba ng GNP naging 2.6 porsyento, ang pinakamababang tantos mula 1963--, indikasyon ng malang panghihina ng ekonomya. Isa pang indikasyon ang depisit sa balanse ng bayaran -- kakulangan ng dolyar para mabayaran ang mga import at utang, at makapag-uwi ng ganansya ang mga dayuhang korporasyon; ibig sabihin, hindi pumapasok ang sapat na dolyar sa Pilipinas. Noong 1981, malaking-malaki na ang $560 milyong depisit sa balanse ng bayaran. Noong sumunod na taon, umabot na ito sa $1,100 milyon, ang pinakamalaking depisit sa balanse ng bayaran mula 1946. Ngayong taong ito, inaasahang aabot ang depisit sa $2,000 milyon. Ang utang naman sa labas ay tuluy-tuloy ding lumalaki. Noong 1981, halos $16,000 milyon na ang utang ng Pilipinas sa mga dayuhang bangko at pautangan, noong 1982, ito'y naging $18,000 milyon pwera ang interes. Sa udyok ng IMF, ibinaba ng rehimen ang halaga ng piso noong Hunyo. Ang halaga sa palitan ay ginawang ₱11 sa bawat dolyar, mula sa ₱9.17 noong umpisa ng 1983.

Sa loob ng nakaraang anim na linggo mula nang patayin si Aquino, nagkaroon ng dramatikong paglala sa sitwasyon, samantalang tumingkad ang pagkahiwalay ng rehimen at kabi-kabila itong sinusumay. May $200 milyong puhunan na ang aktwal na nailalabas ng mga korporasyon ng US, Japan at ibang dayuhan. Nagmamadaling naglilipat ng kapital sa abrod ang maraming Pilipinong mayaman. Di bababa sa 60 porsyento ang nabawas sa pagpasok ng bagong puhunan nito lang Agosto-Setyembre, sa pag-iingat ng mga dayuhang mamumuhunan at pagtanggi ng magpautang ng mga lokal na bangko. Sa ibayong-dagat, ang mga pribadong bangko ay naghihintay ding magpauna ang IMF bago magpautang nang panibago sa Pilipinas. Nitong Oktubre 5, muling ibinaba ng rehimen ang halaga ng piso, na ngayon ay ₱14 sa isang dolyar; at sinasabi pa nga na bago magtapos ang taon ay magkakaroon uli ng debalwasyon.

Walang kapantay na kahirapan ang idinudulot ng krisis sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino, laluna ang mga anakpawis na ang tunay na kita ay sadyang pinabababa ng rehimen. Dahil ang "pag-unlad" ay ipinapako sa produksyong pang-eksport, lalo pang pinipiga ang lakas ng mga manggagawa sa mga pabrika, minahan at plantasyon kapalit ng lumiliit nilang sahod. Sa modernong bersyon ng negosyo sa alipin, pinag-iibayo ng rehimen ang kampanya nitong mag-eksport ng mas maraming manggagawa sa abrod, alang-alang sa mga dolyar na ipinapasok

nila'y pinapalampas ng rehimen ang laganap na pang-aabuso't pagsasamantala ng mga manggagawang ito sa abroad.


Ang mga magsasaka nama'y itinataboy sa kanilang lupa para maitatag ang naglalakihang agrokorporasyon. Ang mga patuloy na nakapagsasaka ay di rin mas mahusay ang sitwasyon, dahil matagal nang masama ang presyo ng kanilang mga produkto, samantalang taas nang taas ang presyo ng mga produkto't serbisyong kailangan nilang bilhin. Ang petiburgesyang tagalunsod ay nahihilo sa problema ng kung paano pagkakasyahin ang maliit na sahod habang naglalaan din para sa hinaharap (halimbawa'y para sa pagpapaaral at sa sariling bahay). Ang mga kapitalistang Pilipino ay nalulugi, at libu-libong maliit na pabrika't negosyo ang nagsasara. Maski ang malalaking korporasyon ay nagbabawas ng operasyon at nagpapatalsik sa libu-libong manggagawa habang mas masidhing nagsasamantala sa mga naiwan.

Lagi nang sinasabi ng rehimen na kaya raw nakikirapan ang ekonomya ay dahil sa mabigat na krisis na dinadanas ng US at mundong kapitalista, na dahilan ng proteksyonismo at matumal na benta ng mga hilaw na materyales na iniieksport ng Pilipinas. Totoo nga na walang palyang aapekto sa ekonomya ng Pilipinas ang krisis sa US, sapagkat ang ating ekonomya ay nakabuntot nang husto sa sistemang imperyalista. Tumpak ang paglalarawan na kung humatsing daw ang ekonomya ng US, agad nang nagkakapulmunya ang ekonomya ng Pilipinas. At kahit magaling na ang sipon ng US, matagal bago gumaling ang lokal na ekonomya, kung makakabawi man ito. Sa kasalukuyang kaso, sinisikap ng imperyalismong US na bawasan ang tindi ng sariling problema sa pamamagitan ng sadyang paglilipat ng malaking bahagi nito sa Pilipinas at iba pang malakolonya. Sa kongkreto, pinipigil ang anumang makabuluhang pagtaas sa minimum na sahod ng manggagawang Pilipino, at sa gayon ay pumipiga ng mas malaking ganansya sa tuwirang pamumuhunang Amerikano; nagpapataw ng mataas na interes at ibang mabibigat na probisyon kapalit ng pautang sa rehimeng Marcos; binabarat ang presyo ng mga ineeksport ng Pilipinas sa US; at pinapatungan naman ang presyo ng mga yaring produktong itinatambak dito mula sa US.

Sa saligan, kung gayon, ang mapagpasya sa pananatili ng ekonomya ng Pilipinas sa palagiang pagkikrisis ay ang dominasyon at kontrol ng imperyalismong US--at hindi ang "natural" na konsekwensya ng resesyon sa daigdig. Ang gayong dominasyon at kontrol ay nakatago ng pinakamasasahang mga kakutsaba sa malalaking burges na kumprador, malalaking panginoong maylupa't malalaking burokratang kapitalistang bumubuo sa pangkating Marcos. Magkasapakat ang imperyalismong US at ang pangkatin sa pwersadong pananatili ng Pilipinas na isang paurong na ekonomyang agrikultural, isang pulubing nagpapalimos sa mga bangketa ng daigdig.

E. Sa pulitika, lubhang nakahiwalay ngayon ang pasistang rehimeng niyayanig ng lumalalang krisis sa ekonomya.

Sa araw-araw na paglala ng krisis sa ekonomya, sa paglulunsad ng milyun-milyong mamamayan ng militanteng mga aksyon laban sa diktadura, sa patuloy na pag-abante ng armadong pakikibaka sa kanayunan, at sa pandiriri mario ng mundo sa kabangisan at kasinungalingan ng rehimeng Marcos sa kaso ng pagpatay kay Aquino, halos walang makakampi ngayon sa pulitika ang rehimeng Marcos.



Mabilis na lumilitaw ang mga bitak sa loob ng mga naghaharing uri. Nakikihanay ngayon sa mamamayan ang mga burges-liberal na oposisyonista, gayundin ang paparaming negosyante. Lumalaki ang bilang ng burges-liberal na oposisyonistang maunlad sa pulitika na nagpapahayag ng pagtangkilik sa armadong pakikibaka. Hayag nang nagpuprutesta ngayon laban sa rehimen kahit ang mga anti-Marcos na burgesyang kumprador at panginoong maylupa.

Kitang-kita ang pagkahiwalay nina Marcos sa pangangailangang ipagtulakan pa kahit matataas na opisyal ng rehimen para depensahan si Marcos, ang asawa niya, si Ver at si Cojuangco sa naging papel ng mga ito sa pagpatay kay Aquino. (Di kukulangin sa dalawang myembro ng gabinete ang tumanggi.) Sa harap ng mga kapalagayang-loob, ang ilan sa mga opisyal na ito ay bumabatikos sa pagpatay ng rehimen kay Aquino, at sa mas sakim, mas arogante't mas abas sa mga malalapit kay Marcos. Ganito rin ang lagaylay ng mga opisyal at tauhan ng AFP.

Ang mga empleyado ng gubyerno naman ay malalakas ang loob na nagsisipuntahan sa mga aksyong masa laban sa diktadura. Di nga naituloy ang isang rali para kay Marcos nang ang pinadalong mga empleyado ng gubyerno ay nag-umpisang magsunog ng mga plakard at istrimer na sapilitang ipinahawak sa kanila, at sumali sa mas malaking rali laban sa diktadura.

Ang lahat nito ay nagpapahiwatig ng mabilis na pagkatibag ng kapangyarihan ng rehimeng US-Marcos, at ng unti-unting pagkaagnas nito. Ang mga desperadong hakbang para makontrol ang sitwasyon--pinaputukan ang mga pulutong ng tao noong Setyembre 21, marahas na nilalansag ang mga pagtitipon at rali, mabibigat na kaso ang ibinibintang sa mga inaaresto, nagdeploy ng mas maraming tropa sa Metro Manila, pag-aaktibuhin ang 70,000 baranggay tanod sa Metro Manila para lumahok sa panunupil--ay hindi nagpakaima sa nag-aalab na diwang palaban ng mamamayan. Para lang binuhusan ng gasolina ang kanilang galit at paglaban.

Subalit hindi pa dumadating ang oras ng ganap na pagguho ng diktadura, gaano man ito nayuyugyog ng walang hupang pagbira ng nakikibakang mamamayan.

Maaasahan pa rin ni Marcos ang suporta ng malaking bahagi ng reaksyonaryong AFP, na ang matataas na upisyal ay tumatanaw sa kanya ng utang na loob at kasinsugid niyang maipreserba ang kayamanan at walang hanggang kapangyarihan sa ilalim ng kasalukuyang pasistang paghaharing diktador. Ganito rin sa hanay ng matataas na upisyal ng burukrasyang sibil.

Patuloy ring naaasahan ni Marcos ang suporta ng imperyalismong US, kahit paminsan-minsa'y parang dumidistansya ito sa kanya. Di nga ba't naibigay na niya sa kanyang mga among imperyalista ang di maitatatwang katibayan na siya pa rin ang papet na maaasahan sa lahat ng lokal na reaksyonaryo, at siyang pinakasagadsaring anti-Komunista.


Bagamat bugbog na't napahina, kaya pa rin ng diktadurang US-Marcos na maglunsad ng mabangis at marahas na salakay sa mamamayan. Hindi agad-agad magugupo ang rehimen. Maaaring sikapin nitong manghati sa malawak na alyansa laban sa diktadura sa pamamagitan ng pagbibigay ng maliit na mga konsesyong pampulitika't pang-ekonomya sa anti-Marcos na mga malaking negosyante't pulitikong burges, habang pinasisidhi ang pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan.

Kaya nga kailangang-kailangang higit na palakasin ng mamamayan ang kanilang mga organisasyong masa, sandatahang lakas at organo ng kapangyarihang pampulitika. Kailangang pag-ibayuhin ang kanilang rebolusyonaryong pagmamatyag at determinasyon, habang ang mga hayag na pakikibakang masa at ang armadong pakikibaka ay lalong pinalalawak at isinusulong sa mas mataas na antas.

Sa pamamagitan nito, mabisa nating mapauurong ang mga kontrasalakay ng pasistang diktadura sa pulitika't militar, tuluy-tuloy na mapapaunlad ang rebolusyonaryong lakas ng bayan, at walang tigil na mabibigwasan ang diktadura, patindi nang patindi, hanggang ito'y maibagsak sa wakas.

G. <u>Ang imperyalismong US, na sumusuray sa gitna ng sariling krisis sa pulitika't ekonomya, ay nag-atas kina Marcos at iba pang papet na diktador na paigtingin pa ang pagsasamantala't pang-aapi sa mamamayan.</u>

Sumusuray ang imperyalismong US sa gitna ng krisis sa ekonomya na pinakamasahol sa loob ng 50 taong nakaraan. Dahil sa resesyon at mataas na interes sa pautang, libu-libong pabrika't negosyo sa Amerika ang nagsasara. Milyun-milyong manggagawa ang sinisisante, at marami sa kanila ang nagdarahop.



Sumasabay sa krisis sa ekonomya, at tuwirang kaugnay nito, ang militante't rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa buong daigdig, laluna sa mga malakolonya sa Asya, Amerikang Latin at Aprika, na pilit kinakargahan ng malaking bahagi ng nasabing krisis.

Sa mismong United States, pinatitindi ng mamamayang Amerikano ang kanilang pagbaka sa pagsasamantala ng naghaharing mga monopolyong kapitalista, at ang

pagbaka nila sa buong imperyalismo. Nakakaisa sila sa mga mamamayan ng mga malakolonya ng imperyalismo, na lubhang sinasamantala't inaapi.

Sa harap ng krisis sa ekonomya't pulitika, at ng tumitinding pakikipagpaligsahan sa isa pang superpawer, ang Soviet Union, sinusulsulan ng imperyalismong US ang anti-komunismo sa pandaigdigang hanay ng imperyalismo at sa mga pasistang papet na rehimen sa mga malakolonya. Ganito ang ginagawa sa El Salvador at ibang lugar sa Gitnang Amerika, sa Pilipinas, at iba pa.

Ito ang dahilan kung bakit patuloy na magbibigay ng suportang pampulitika, pang-ekonomya't militar ang imperyalismong US kay Marcos, kahit siya pa ang pinakaberdugo't pinakamapang-aping tirano sa mundo--basta patuloy niyang pinapangalagaan ang kapakanan ng mga imperyalista at sagadsarin siyang anti-Komunista.

Kapalit ng gayong suporta'y hinihingi ng imperyalismong US kay Marcos na protektahan at isulong ang interes nilang pampulitika't pang-ekonomya sa Pilipinas, at sa saklaw pa nga ng Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-silangang Asya (Asean). Inaasahan din si Marcos na panatilihin ang mga baseng militar sa Clark at Subic, gayundin ang iba pang instalasyong militar ng US sa Pilipinas, upang mamintini ang hegemonya ng US sa loob ng rehiyon at makaabot hanggang Gitnang Silangan.

Kayat nang patayin ng rehimen si Aquino, at umugong ang mga pagtutol sa buong mundo, agad kinupkop ng administrasyong Reagan ang rehimen. Nang sumunod na mga araw, kahit dumami nang dumami ang ebidensyang may sala ang rehimen, pinanindigan ng administrasyong Reagan ang pagtangkilik dito--may sala man o wala--upang pangalagaan ang mga interes ng imperyalismo sa pulitika, ekonomya't militar.

Ipinagpaliban ng pinunong imperyalistang si Reagan ang pagdalaw niya sa rehimeng Marcos, na sana'y nakatakda sa unang bahagi ng Nobyembre. Hindi ibig sabihin nito na binabawian na ng suporta si Marcos, at lalong hindi ibig sabihin na galit sa kanya. Ipinagpaliban ni Reagan ang dalaw dahil natatakot siya sa pukaw na sambayanang Pilipino, at dahil ang pasistang diktadura sa Pilipinas ay matinding kinokondena ng publiko sa US at sa buong daigdig.

Ang krisis sa ekonomya ng US at ang pag-ayaw kay Marcos na lumalaganap sa hanay ng mamamayang Amerikano, burges-liberal na seksyon ng Konggreso ng US at masmidya, ay maaaring makasagabal sa lubus-lubos na pagbibigay ng suportang pampulitika, pang-ekonomya't militar ng administrasyong Reagan sa rehimeng Marcos.


Gayunman, at kahit panaka-nakang dumidistansya sa rehimeng Marcos ang administrasyong Reagan, magbibigay ito ng lahat ng tulong na kayang ibigay, ngayon at sa panahong darating.

## II. Ano ang dapat nating gawin?

I Ang demokratikong rebolusyong bayan ang tanging landas para matamo ng sambayanan ang pambansang kalayaan at demokrasya.

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino.

Ito'y malakolonyal dahil kahit diumano'y ipinagkaloob ng imperyalismong US ang pampulitikang kalayaan ng Pilipinas noong 1946, matapos ang halos 50 taong tuwirang pamamahalang kolonyal ay patuloy pa ring kinokontrol ng US and pulitika, ekonomya, militar at kultura ng bansa. Kasabwat ng mga papet nito sa hanay ng mga lokal na naghaharing uri, napanatili ng US ang dominasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng maraming di pantay na kasunduan at imposisyon.



Ito'y malapyudal dahil sadyang pinananatiling atrasado ang ekonomya, para manatiling tagasuplay lamang ng hilaw na materyales sa mga kapitalistang bayan at tagaimport ng mga produktong industriyal at pangkonsumo, dahil namamayani pa rin sa malawak na kanayunan ang pyudal at malapyudal na relasyon sa produksyon; at dahil ang pag-unlad ng kapita-

lisme ay tinatakpan ng bandganan, at ginagawa itong alalay lamang ng imperyalismo.

Lalong tumingkad ang malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino sa ilalim ng batas militar. Walang tunay na reporma sa lupang naganap, ahtpamat ang pagsisinungaling ng diktadura. Di lamang tumindi ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala, pinalala pa ito ng malawakang pangangamkam ng lupa para sa higanteng mga korporasyong agrikultura ng US, mga korporasyon ng gobyerno, at mga korporasyong hawak ng pangkating Marcos.

Ang malakolonyal at malapyudal na sistema ay pinaghaharian ng imperyalismong US at ng lokal na mga naghaharing uri--ang malaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa. Magkakasama silang nabubuhay at nananagana sa pagsasamantala't pang-aapi sa sambayanan--ang uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesyang lunsod, at panggitna o pambansang burgesya.

Ginagamit ng imperyalismo at ng lokal na mga naghaharing uri ang lahat ng instrumento ng estado--laluna ang sandatahang lakas, pulisya, mga korte't bilangguan--para maghari sa sambayanan.

Dahil lumalaban ang bayan sa pagsasamantala't pang-aapi, hindi naiiwasan ang tunggalian ng mga uri sa ating lipunan. Habang ibayong nagsasamantala at nang-aapi ang imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri; ibayong nakikibaka ang bayan para makalaya sa pagsasamantala at tiranya.

Sa ilalim ng batas militar, lumalim ang ugat ng pundamental na kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri, sa isang banda, at ng sambayanang Pilipino sa kabilang banda. Ang prinsipal na tunggalian ngayon ay sa pagitan ng sambayanan at ng imperyalismong US at pangkating Marcos ng malalaking burgis na kumprador, panginoong maylupa't burukrata.

Naipit naman sa gitna ang mga liberal na bahagi ng lokal na burgesya at uring panginoong maylupa. Patuloy silang naitutulak na makihanay sa sambayanan, dahil ang pasistang pangkatin ay mapaghigantti't walang hangganan ang kasakiman, at patuloy na nagmomonopolisa sa poder at nagkakait sa kanila ng mga pribilehiyong tinatamasa bago sumapit ang 1972, at dahil patuloy na sumusuporta sa pangkatin ang imperyalismong US.

Bago ang batas militar, ang imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri ay naghahari sa pamamagitan ng pangunahing mga partido, ang Partido Liberal at ang Partido Nacionalista. Pana-panahong nagpapalitan ang dalawang ito sa mga eleksyon, at halinhinang humahawak sa poder ng estado, na ugalan ng umiiral na sistema. Tinatangkilik ng imperyalismong US ang lahat ng reaksyunaryong partido, pero binibigyan ng mas malaking suporta ang mas nagsisering magtanggol at mas may kakayahang magtaguyod sa mga interes ng imperyalista.

Nabago ang ganitong takbo ng reaksyunaryong sistema nang sumidhi ang mga pang-ekonomya't pampulitikang krisis na lagi nang bumabagabag sa sistema. Noong 1970, lumubha ang krisis na ilang taon na ring umuukilkil sa ekonomya, nang idikta ng imperyalismong US ang debalwasyon at pagpapalutang sa halaga ng piso. Mula sa dating palitang ₱3.90 sa bawat dolyar, naging ₱6.43-6.1 ito.

Ang ibinunga nitong dislokasyon at kahirapan sa kabuhayan ng mamamayan ay nagtulak sa marami sa kanila na magsama-sama sa ilalim ng bandila ng pambansa-demokratikong kilusang pinamumunuan ng Partido. Sa paglaki't paglakas ng kilusang masa'y ibayong bumaling ang rehimeng Marcos sa pasismo.

Sinuspindi ni Marcos ang kasulatan ng *habeas corpus* noong 1971 matapos ipabomba ang malaking rali ng oposisyunistang LP sa Plaza Miranda na pumatay sa siyam na tao at sumugat sa mahigit 100 pa. Halos nalumpo ang buong pamunuan ng LP.

Ang karahasan at panlilinlang ng rehimen ay nagbunga ng mas laganap, militante at rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan na naghahangad wakasan na ang mga pribilehiyo't dominasyon ng imperyalismong US, at wakasan ang pasismo, pagkapapet at kabulukan ng rehimeng Marcos.

Para papaniwalain ang sambayanan na may ginagawa naman mga pagbabagong kailangan, ipinatawag ng rehimen ang isang kumbensyong konstitusyunal. Habang

na layunin nitong buhusan ng tubig ang rebolusyonaryong pag-aalab ng mamamayan, pero nabigo ito tulad ng inaasahan. Pagsapit ng 1972, mapurol na ang bisa ng panlilinlang; bunga ng paulit-ulit na pagsisinungaling at panloloko ng pangkating US-Marcos, wala nang naniniwala rito.

Sa pasunulsol ng imperyalismong US, lumikha ang rehimeng Marcos ng isang "kalagayang may rebelyon," sa pamamagitan ng sunud-sunod na pambobomba sa Metro Manila at iba pang probokasyon sa mamamayan na walang kakurap-kurap na ibinintang sa mga "subersibo."

Kaya kahit relatibong mahina pa rin noon ang pambansa-demokratikong pwersa, at walang dagliang panganib na bumagsak ang malapyudal at malakolonyal na sistema, ipinataw ni Marcos ang batas militar sa udyok at tulong ng imperyalismong US. Pinakawalan ang AFP na walang pakundangang naglunsad ng gerang sibil laban sa mamamayan.

Kasabay ng libu-libong antipasista't progresibong elemento mula sa mga demokratikong uri't sektor ng lipunan, ibinilanggo rin ni Marcos ang marami sa kanyang mga kaaway sa pulitika, kabilang na si Senador Aquino. Kinontrol niya ang masmidya. Kinumpiska rin niya ang ari-arian ng mga kaaway niya sa pulitika.

Kinansela ni Marcos ang pagdaraos ng eleksyon, inalis ang Konggreso para maghari sa pamamagitan ng dikreto, niliansag ang partidong oposisyonista, at ginawang mga mistulang kaswal ang lahat ng upisyal ng mga hukuman, mula sa mga mahistrado ng Korte Suprema hanggang sa mga huwes sa munisipyo. Habang pabalat-bungang nagsasabing nirerespeto niya ang konstitusyon, ibinasura niya ito at iginiit ang sariling "konstitusyon."

Monopolyo na ngayon ng pangkating US-Marcos ang poder sa estado. Noong sumunod na panahon, kumilos ito para magkonsolida. Ang AFP ay ginawang isang malaking pribadong hukbo, at ang burukrasya, kabilang ang mga institusyon ng gubyerno sa pananalapi, ay naging pribadong kaharian.

Sa kalahatan, umiiral pa rin ang mga institusyong ito ng estado para pagsilbihan at ipreserba ang reaksyonaryong naghaharing sistema. Pero sa partikular, gumagana na ngayon ang mga ito para patabain at imantini sa poder ang pangkating Marcos, gayundin ang imperyalismong US.

Ginamit nang husto ang AFP at mga yunit paramilitar nito para gipitin, takutin, itortyur, arestuhin, ibilanggo at isalbeyds ang mga taong itinuturing ng pangkating Marcos na kaaway, o banta, totoo man o nasa isip lamang, sa walang taning nitong paghahari. Ilang ulit na pinalaki ang AFP sa loob ng batas militar, hindi para lumaban sa dayuhang kaaway kundi para supilin ang sambayanang Pilipino.

Sa basbas ng imperyalismo, ginamit ng pasistang pangkating Marcos ang burukrasya, kasabay ang militar, para sibakin ang mga karibal nito sa naghaharing uri, at gayundin para manlimas ng bilyun-bilyong piso sa kabang-yaman ng gubyerno. Ang mga institusyon sa pananalapi ng gubyerno ay pinakilos para magpautang ng bilyun-bilyong piso sa pangkatin, at garantyahan ang mga utang nito sa ibayong-dagat. Di na nabayaran ang mga utang at ngayon nga'y ipinepapasan ng rehimen sa taumbayan sa pamamagitan ng lumolobo't dumaraming buwis at arbitraryong mga kabawasan.

Matagal nang laganap ang katiwalian sa papet na gubyerno bago pa man ang batas militar, pero parang pandurukot lamang ito kung ikukumpara sa malakihang pangungulimbat ng pangkating Marcos sa pondong publiko sa nakaraang 11 taon ng pasistang paghahari. Sa pangunguna ng mag-asawang Marcos, ang kabulukan ay naging bahagi na ng AFP at burukrasya.

Marami ngayon sa mga upisyal ng AFP, mula kay Hen. Ver pababa, ang kasangkot sa lahat ng klase ng krimen, mula sa pagpiga ng malalaking "lagay" mula sa binibili ng militar, pangingidnap para ipatubos, malakihang pagnanakaw, boldap at pangingikil, pagnanakaw ng kotse, pagbebenta ng narkotiko, ismagling, pagpupuslit ng dolyar, at pagpapatakbo ng mga sindikato sa sugal at prostitusyon. Parang walang anuman din silang pumapatay, sa mga syudad at lalung sa kanayunan.

Si Marcos, na siyang nangangasiwa sa buong bulok na sistema, ay lalong naging arogante at mabagsik sa pagtrato sa mamamayan. Sinumang magreklamo

kaugnay ng sistema, o humihingi ng makabuluhang mga pagbabago, ay nanganganib na matatakang "subersibo" at parusahan ayon dito.

Pero ang arogante't mabagsik na ito ang siya ring maamo't masunuring tuta sa harap ng mga among imperyalista ng US. Ang pinakamabibigat na mga imposisyon nila sa bayan ay agad-agad niyang tinatanggap. Sa katunayan, isinuko na ni Marcos sa imperyalismong US ang ganap na kontrol sa ekonomya ng bansa.

Ang pangkating Marcos at ang pinamumunuan nitong gubyerno ay ganap nang nahihiwalay sa masa ng sambayanan at kahit doon sa bahagi ng mga naghaharing uri na hindi kabilang sa kanilang pangkatin.

Ang "demokratisasyon ng yaman," na ipinangako ng pangkating Marcos noong ipataw ang batas militar, ay nangahulugan lamang ng pag-iimbudo ng yaman ng bansa sa pangkatin at sa imperyalismong US.

At ang ipinangakong pagbubuo sa "bagong lipunan" ay lumabas na dati pa ring huklubang malakolonyal at malapyudal na lipunan, na lalo lamang sumama. Ibayong tumindi ang pagsasamantalang kapitalista, pyudal at malapyudal sa mamamayan at ang tiranya sa pulitika ay nagdulot ng kahirapan, pagkabilanggo, pwersahang pagpapalikas at kamatayan sa daan-daang libo ng ating mamamayan.

Sa pangangasiwa ng pangkating Marcos at ng amo nitong imperyalista, nabulok hanggang sa ubod ang malakolonyal at malapyudal na sistema. Di na mapipigil o mapapabagal man lamang ang proseso ng pagkabulok nito. Walang pag-asang masagip pa ang sistema at lubos itong tinatanggihan ng mamamayan. Kailangan itong ganap na palitan.

May ilan sa ating lipunan na naniniwala pang malulutas ang mga problema ng bayan kung aalisin si Marcos at papalitan siya ng iba (na sa ilalim ng kasalukuyang sistema'y siguradong isa na namang papet ng imperyalismong US). At mayroon din namang nagnanais na maibalik ang kalagayang umiiral bago magbatas militar.

Pero wala sa mga grupong ito ang tumutugon sa pambansa-demokratikong mithiin ng sambayanang Pilipino at sa kanilang pangarap na muling mapagkaisa ang Pilipinas na winawarat ng gerang sibil na inilunsad ng diktadurang US-Marcos.

Hinihingi ng kanilang mga pambansang mithiin na itatag ang isang tunay na malayang Pilipinas, na magiging libre sa pakikialam, pandidikta at kontrol ng mga imperyalista't ibang dayuhan sa ating buhay pang-ekonomya, pampulitika, panlipunan at pangkultura. Ipinaglalaban nilang lansagin ang mga baseng militar ng US at paalisin ang lahat ng tropang Amerikano dito. Nais nilang pawiin ang lahat ng di pantay na kasunduang nagbibigay sa mga dayuhang gubyerno, laluna ang sa US at Japan, ng mga karapatang higit pa kaysa tinatamasa ngayon ng mga Pilipino sa sariling lupang tinubuan. Nais ng sambayanang Pilipino na makipagmabutihan sa kanilang mga kalapit-bayan, alinsunod sa patakarang panlabas na walang kinakampihang superpawer at nakikipamuhay nang mapayapa sa lahat.

Hinihingi ng kanilang mga demokratikong mithiin na kilalanin ang pampulitika't pang-ekonomyang mga karapatan ng lahat ng makabayan at demokratikong uri't sektor ng lipunan. Mangangahulugan ito, at kabilang dito, na palalayain ang lahat ng bilanggong pulitikal, papawalang-bisa ang lahat ng pasistang batas at dikreto at ganap na wawasakin ang kabuuang balangkas ng pasismo, papalitan ang AFP ng isang tunay na pambansang hukbong bayan na tunay na magsisilbi sa mamamayan at sa bayan, magkakaroon ng tunay na reporma sa lupa at pagpawi sa pyudalismo, pambansang industriyalisasyon, at pang-ekonomyang kaunlaran, bibigyan ng pampulitikang awtonomya ang mga pambansang minorya, bibigyan ng katarungan at bayad-pinsala ang lahat ng biktima ng pasismo, kukumpiskahin ang kinulimbat na yaman ng pangkating Marcos, at isasauli ang mga ari-ariang arbitraryong kinumpiska ng rehimen.

Matatamo lamang ang mga ito hindi sa pamamagitan ng mga panlabas na pagbabago sa naghaharing sistema kundi sa pamamagitan ng pagbabaklas sa sistemang ito.

Subalit ang pangkating Marcos at mga amo nitong imperyalistang US ay di kusa at mapayapang bibitiw sa poder. Patuloy silang tumatanggi sa anumang maka-

buluhang pagbabago. Para mapatagal pa ang sarili sa poder, nagmasaker ang pangkatin sa Plaza Miranda noong 1971, gumawa ng mga kalagayan para maidahilan ang pagpapataw ng batas militar, nagdeklara ng gerang sibil laban sa buong sambayanang Pilipino, manggahasa sa konstitusyon, nagluto ng mga eleksyon, reperendum at plebisito, nang-usig sa mga oposisyonistang ayaw paloko sa kanya, bumuo ng sariling "oposisyon" sa pamamagitan ng panunuhol at pananakot, umangkin ng di mabilang na yaman, at patraydor na pumatay kay dating Senador Aquino.

Dagdag pa, ang pangkating Marcos ay takot na takot na tanawin ang araw na pananagutan na nila ang kanilang mga krimen sa harap ng sambayanan. Alam na alam nila ang kapalarang sinapit ng mga pasistang diktador tulad ni Somoza ng Nicaragua at ng shah (emperador) ng Iran.

Habang patuloy na tinatamasa ang suporta ng malaking bahagi ng AFP at nakakakuha ng papalaki pa ngang suporta mula sa imperyalismong US, ang pangkating Marcos ay patuloy na lalaban nang buong bangis para manatili sa poder.

Sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong karahasan napapanatili ng rehimen ang sarili sa poder at nakakakapit dito. Malinaw na ang tanging paraan para maibagsak ito at ang buong bulok na sistema ay nasa paglulunsad ng armadong rebolusyon ng bayan. Ito ang landas na tinatahak ng demokratikong rebolusyong bayan.

Layunin ng rebolusyong ito, na tinatawag ding pambansa-demokratikong rebolusyon, na ibagsak ang pasistang diktadura at bigyang-daan ang pagtatayo ng isang demokratikong gubyernong koalisyon.

Magiging mga pangunahing tungkulin ng gubyernong ito ang paggigiit at pagtatanggol sa pambansang independensya at ang pagtataguyod sa kapakanan ng masang anakpawis ng manggagawa't magsasaka at iba pang demokratikong saray ng lipunan tulad ng petiburgesyang lunsod at pambansang burgesya.

Para maitaguyod ang rebolusyon, naglulunsad tayo ng digmang bayan ayon sa partikular na mga kalagayan ng Pilipinas. Ang digmang bayan ay kumbinasyon ng armadong pakikibaka at ng hayag na pakikibakang masa sa kanayunan at maging sa kalunsuran. Sa dalawa, prinsipal at mapagpasya ang armadong pakikibaka.

Araw-araw, ang armadong pakikibaka ay isinusulong ng hukbong bayan. Ang kasalukuyang sumusugod na anti-diktadurang kilusang masa sa mga kalunsuran ay matilis na nagpapalawak sa pambansang nagkakaisang prente ng lahat ng makabayan at demokratikong mga uri't sektor laban sa pasismo, imperyalismong US at pyudalismo.

Ngayong mabilis na umuunlad ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan, handang maorganisa't kumilos ang milyun milyong mamamayang napupukaw, hayagang lumalaban sa diktadura pati ang mga nakariwasang sektor ng lipunan, at nakabaon ang diktadura sa pang-ekonomya't pampulitikang krisis, hinihingi namin sa ating mga mamamayan na sumuporta at umanib sa demokratikong rebolusyong bayan laban sa pasistang diktadurang US-Marcos.

Nananawagan kami sa ating mga mamamayan na magkaisa't magsama-sama sa pagtataguyod sa mga islogang "MAKIBAKA PARA SA DEMOKRASYA, KALAYAAN AT PAMBANSANG PAGKAKAISA!" "WALANG PAKIKIPAGKOMPROMISO SA DIKTADURANG U.S.-MARCOS!" "ISULONG ANG DIGMANG BAYAN!" at "IBAGSAK ANG DIKTADURANG U.S.-MARCOS AT BUUIN ANG DEMOKRATIKONG GUBYERNONG KOALISYON!"

## 2. Pawiin ang mga ilusyon at tuligsain ang lahat ng mga palasuko at kolaboreytor.

Pagkatapos ng asasinasyon kay Aquino na sinundan ng pagsigla ng anti-diktadurang kilusang masa, madaliang naglabas ang ilang oposisyonistang burges-liberal ng isang programa ng "ikatlong alternatiba" na ang islogan ay "pagbitiwin si Marcos" (*"Marcos resign"*).



Ayon sa nakikita raw nilang dapat mangyari, sa paggigiit ng taumbayan ay pipilitiing magbitiw sa poder ang pangkating Marcos at ito ay papalitan ng isang "gubyernong tagapangalaga." Kagyat na mga tungkulin ng ganoong gubyerno ang(a) imbistigahin ang asasinasyon kay Aquino at parusahan ang mga maysala; (b) simulan ang proseso ng pambansang pagkakasundo sa pamamagitan ng pagkakaloob

ng pangkalahatang amnestiya sa lahat ng may pagkakasalang pampulitika; (k) bumuo ng isang bagong konstitusyong sasalamin sa kagustuhan ng taumbayan; at (d) magdaos ng pangkalahatang eleksyon para sa presidente, bise-presidente, mga myembro ng Batasang Pambansa at lahat ng lokal na upisyal, at tiyaking ang eleksyon ay malaya, maayos at malinis.

Samantalang ang unang dalawang nabanggit ay maliwanag na pang-akit ng malawak na suporta, kapansin-pansin ang pananahimik ng mga pulitikong burges-liberal na ito kaugnay ng iba pang pundamental na usaping ihinahapag ng taumbayan. Dagdag pa, ang hinihingi nilang pagbabalangkas ng bagong konstitusyon ay nawawalan ng bisa dahil sa paghaharap ng ikaapat na kahilingan na wari'y siyang pinakamahalaga para sa kanila. Kayat ang programang ito ay pag-urong mula sa puisyong dati nang ihinayag ng mga pulitikong burges-liberal, na nananawagan noong lubos na lansagin ang pasistang paghahari ng US-Marcos at alisin sa Pilipinas ang mga baseng militar ng US. Lalong naglilinaw na ang gusto lamang ng mga pulitikong ito ay mapalitan si Marcos sa Malakanyang, at tatalikuran na nila ang pakikibaka ng taumbayan kung di na ito kapaki-pakinabang sa kanila. Bukod dito'y walang mangyayari sa paghingi kay Marcos na magbitiw. Sinabi na niyang hindi niya ito gagawin, at idiniin pa ang gayong pasya nang inutusan ang AFP na paputukan ang mga tahimik na nagdedemonstrasyon.

Ipinapakita ng sumunod pang mga pangyayari na ang mga burges na oposisyonistang ito ay umatras pang lalo mula sa kanilang kinaltasan na ngang mga mungkahi. Ang ilang lider nila'y tumalikod na sa kahilingang magbitiw si Marcos at humalili ang isang "gubyernong tagapangalaga," at ngayo'y humihiling na lang sa rehimen na magdaos ng "malaya, malinis at maayos" na pangkalahatang eleksyon.

Dagdag pa, ang mga pinuno ng maliit na grupong ito ng mga pulitiko ay nakikipagnegosasyon ngayon sa embahador ng US para makabahagi ng kapangyarihan kasama ng pangkating Marcos.

Mapapansin na nagsimula na silang mag-ingay tungkol sa "eleksyon" bago pa man nailibing si Aquino, habang ipokrito nilang binibigkas ang matatag na pananalita ng yumaong senador na "di maaaring magkaroon ng kasunduan sa isang diktador, di maaaring pagbigyan ang diktadura."

Ang kanilang iskandalosong pagmamadali na samantalahin ang pagpatay kay Aquino ay lalong naging malinaw sa sumunod nilang mga ihinakbang. Manipis na panakip lang ang kanilang programang "ikatlong alternatiba" at ang paggamit sa islogang "Marcos resign" para magpalapad ng papel sa US at isulong ang kanilang mga personal na ambisyon at mga interes bilang mga malaking burges at panginoong maylupa. Pabalat-bunga lang ang kahilingan nila para sa "malaya, maayos at malinis" na eleksyon dahil alam naman nilang imposible iyon sa kalagayan ng pasismo. Nagtatangka silang sumakay sa agos ng kasalukuyang kilusang masa para lamang makipagtawaran na makabahagi sa kapangyarihan ng reaksyonaryong estado, sa pamamagitan ng huwad na eleksyon o ng sikretong mga usapan.

Ang kanilang programa para sa "ikatlong alternatiba" ay naiangkas ng mga pulitikong ito sa islogang "Marcos resign," at sa ganito'y aktwal nilang pinagsisilbihan ang diktadura. Pinipigilan nila ang mamamayan na lumahok nang mas aktibo't militante sa pakikibakang patalsikin si Marcos, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isa pa uling "huling pagkakataon" na makipag-ayusan sa kanyang mga kalaban sa pulitika. Hinihikayat nila ang masa na umasa na naman sa "sinseridad" ng ibang grupo ng pulitiko, at kung gayon ay nalilimita ang papel ng mamamayan sa buhay pampulitika ng bansa. Dagdag pa, may malubhang panganib na idinudulot sa pagkakaisa ng anti-diktadurang alyansa ang programang "ikatlong alternatiba," sa pagkakalat nito ng propagandang anti-komunista at pananakot sa masa na huwag magrebolusyon.

Sa kabilang dako, may mga demokratikong organisasyon at grupo na nagbandila rin ng islogang "Marcos resign" hindi para magmaniobrang makasali sa pasistang kapangyarihang pang-estado ng pangkating US-Marcos, kundi para ganap na ilantad at papanghinain ang rehimen.

Sa paghaharap ng islogang ito, nilalayon nilang palawakin at pasiglahin ang kilusang masang anti-diktadura sa pamamagitan ng pagpupukaw at pagpapakilos sa pinakamaraming dati'y tahimik at di aktibo sa pulitika, at pang-eengganyo sa iba't ibang tipo ng aksyong masa, kabilang na ang multisektoral na mga pangkalahatang welga.

Kasabay ng islogang "Marcos resign," ibinabandila rin ng mga demokratikong organisasyon at grupong ito ang mas importante at mapanlabang mga islogan na nagbubuklod sa mamamayan laban sa anumang pagbibigay sa diktadura, laban sa pasistang mga batas at iba pang instrumento ng pasistang panunupil, laban sa dikta at kontrol ng imperyalismong US, at para sa batayang mga karapatang demokratiko ng mamamayan.

Sa ganito, ang paghaharap ng islogang "Marcos resign" ay nakatutulong at pumapaloob sa kabuuang pakikibaka ng mamamayan laban sa diktadurang US-Marcos.

Nitong huli, mayroon namang mga *"critical collaborator"* (pumupuna pero kasabwat) na nanawagan para sa "pambansang pagkakasundo" sa ilalim ng rehimeng Marcos. Kahit kakaunti, nahahati sila sa dalawang grupo: may mga sinsero, at mayroon namang mga tauhan ni Marcos na nagpapanggap na oposisyonista.

Ang mga sinsero sa kanila ay nagtataguyod ng ilan sa demokratikong mga ipinaglalaban ng mamamayan, habang nag-aatubili sa marami pang iba pa. Ito'y dahil napakalaki ng ninanais nilang pangalagaan sa ilalim ng kasalukuyang sistema, at hindi sila handang makipagsapalaran, wala silang tiwala sa mamamayan ngunit kasabay nito'y natatakot naman sa maaaring ibunga ng walang humpay na mga pakikibaka ng masa, at umaasa pa rin sila--kahit walang anumang batayan--na ang pusakal nang si Marcos ay magbabago pa.

Iba naman ang mga tauhan ni Marcos na nagpapanggap na oposisyonista. Humihiling sila ng "pagkakasundo," pero ayon sa mga kundisyones ng pangkating Marcos. Kabilang sa grupong ito sina Tatad at Roy ng "Partido Nacionalista" ni Marcos, si Canoy, ang lantarang maka-Marcos na paksyon ng Pusyon Bisaya sa pamumuno ni Logarta, at ang taksil na mga rebisyonistang maka-Lava.

Dapat tayong makipagpaliwanagan sa sinserong mga "critical collaborator" at magsikap na kunin sila sa ating panig, habang inilalantad at itinatakwil ang mga gaya nina Tatad, Roy, Canoy, Logarta at mga taksil na rebisyonista.

At nariyan din ang ilan sa hanay ng mga oposisyonistang burges-liberal na katulad ng mga nagbabandila ng islogang "Marcos resign" para sa makasariling mga interes, at patuloy na nahahaling sa mga "eleksyon" ng rehimen. Ang pagkahaling na ito ay halos umabot na sa antas ng kahangalan, kundi man pagsuko at kolaborasyon.

Maaari at dapat pakinabangan ng mamamayan ang mga panlolokong elektoral ng rehimen para magbunsod ng mga aksyong masang naglalantad at lumalaban dito. Ngunit dapat nilang tanggihan ang anumang pagtatangkang paasahin sila sa ganitong "eleksyon" para alisin ang rehimen sa poder, sapagkat di ito posible sa kalagayan ng pasismo. Posible at maidadaos lamang ang malaya, malinis at maayos na eleksyon sa kalagayan ng pambansang kalayaan at demokrasya, pagkatapos maibagsak ang diktadurang US-Marcos.

Dapat din tayong makipagpaliwanagan at makitunggali sa iilan na umaasa pa ring magsasagawa ng kudeta ang imperyalismong US para alisin sa poder si Marcos at ipalit sa kanyang paghahari ang isang rehimeng burges-liberal.

Dahil sa mga krisis nito at sa tumitinding tunggalian sa Soviet Union, ang imperyalismong US ay naghubad na ng maskara nito bilang "tagapangalaga ng demokrasya" sa pamamagitan ng pagtatayo at pag-aalaga ng mga pasistang papet na rehimen. Ito ang esensya ng "doktrinang Nixon" na nagtatakdang hanggat maaari'y di gagamitin ang mga sundalong Amerikano pero magbibigay ang imperyalismong US ng maksimum na suporta sa pasistang mga papet na rehimen na sumusupil sa mga pakikibakang anti-imperyalista at demokratiko.


Sinusuhayan ng imperyalismong US ang mga pasistang rehimen sa mga kliyenteng estado gaya ng Taiwan, Indonesia, timog Korea, Pakistan, sa mga bayan sa Gitnang Amerika, at, bago naibagsak ang mga pasista, sa Vietnam, Kampuchea, Laos, Iran at Nicaragua.

Walang intensyon ngayon ang imperyalismong US na lansagin ang pasismo sa Pilipinas. Gaya ng nasabi na, maaaring dumistansya ito sa papet na rehimeng Marcos sa pana-panahon ayon sa dikta ng sariling mga interes, ngunit sa kabuuan ay patuloy nitong inaasahan si Marcos para itaguyod ang mga imperyalistang interes dito at supilin ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan.

Sa nakikitang hinaharap, gagawin ng imperyalismong US ang lahat para suhayan ang gumigiray nang rehimeng Marcos.

## 3. Isulong ang armadong pakikibaka sa buong kapuluan habang pinasisigla at pinalalawak ang hayag na mga pakikibaka ng mamamayan at itinatayo ang pambansang nagkakaisang prente.

Magkatuwang at nagsusuportahan ang armadong pakikibaka at ang pambansang nagkakaisang prente laban sa pasismo, imperyalismo at pyudalismo.



Ang armadong pakikibaka ay nagpapalakas sa pamamagitan ng unti-unting pagpapahina sa armadong lakas ng kaaway at pagkukumpiska sa armas at kagamitang militar nito. Sa simula, ang hukbong bayan ay mas mahina sa kaaway, pero tuluy-tuloy na nagpapalakas hanggang sa makapatas ito at pagkatapos ay makalamang sa kaaway. Sa panahong iyon ng paglamang papasok ang hukbong bayan sa istratehikong opensiba at sa kahulihulihan ay dudurugin ang armadong lakas ng kaaway.

Ang pambansang nagkakaisang prente ay ang alyansa ng uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesyang lunsod at pambansang burgesya laban sa diktadurang US-Marcos. Sa matatag na pundasyon ng batayang alyansa ng mga uring manggagawa't magsasaka, pinagkakaisa nito ang buong bayan at ihinihiwalay ang pusakal na mga kaaway. Sa kasalukuyang mga kalagayan, nahihimok din ng pambansang nagkakaisang prente ang mga seksyong burges-liberal ng burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa para lalong ihiwalay ang diktadura at ikonsentra rito ang pinakamalalakas na bigwas.

Ang dumadaluyong na kilusang masang anti-diktadura, na mabilis na lumalaganap sa mga kalunsuran sa buong kapuluan, ay nagpapalakas at nagpapalawak sa pambansang nagkakaisang hanay laban sa diktadurang US-Marcos. Maaaring mag-ingay at magbanta ang pasistang diktador na si Marcos, gaya ng ginagawa na niya, ngunit hindi niya epektibong masusupil ang mamamayang may determinasyon at kolektibo't militanteng naggigiit ng kanilang mga karapatan.

Sa bawat paghakbang ng armadong pakikibaka sa kanayunan, lalong nabibigyang-inspirasyon at nangangahas ang masang tagalunsod na ipaglaban ang kanilang pang-ekonomya't pampulitikang mga karapatan. Ginagawa nila ito sa iba-ibang paraan--pagwewelga, pagdadaos ng mga demonstrasyon sa mga lansangan, pagdadaos ng mga rali sa loob ng mga gusali, sabay-sabay na di pagpasok *(mass leave)*, pagboboykot, pagmamartsa nang malayo, pagpapasa-pasa't pagpirma ng mga pitisyon, paggawa at pamimigay ng mga manipesto at iba pang matiryales na anti-diktadura, atbp. Habang parami nang paraming mamamayan sa mga kalunsuran ang napapanday sa ganitong mga kolektibong pakikibaka at habang naitataas ang antas ng kanilang kamalayang pampulitika, parami rin nang parami sa kanila ang nagbibigay ng tuwirang suporta sa armadong pakikibaka. Mas maraming militanteng aksyong masa ang naidadaos, mas napupukaw at nahihikayat lumahok ang mga seksyon ng populasyon na kimi at di aktibo sa pulitika. Epektibo ring napabubulaanan ng mga aksyong masa ang pambobola ng rehimeng Marcos na tinatamasa raw nito ang suporta ng mamamayan at hawak raw nito ang kanilang basbas para manatili sa poder.

Nananawagan kami sa mas maraming mamamayan na umanib sa Bagong Hukbong Bayan, kumilos sa mga yunit pandigma nito sa kanayunan at kalunsuran, o sa mga organisasyon nito sa lohistika, medikal at impormasyon. Ang iba'y maaaring mangalap at magpadala ng materyal na suporta, gaya ng mga baril at bala, gamot, pera, pagkain at iba pang pang-araw-araw na pangangailangan ng ating mga mandirigma. Maaari rin silang magbigay ng iba pang mahalagang tulong gaya ng pagsusubaybay at pag-uulat sa mga kilos ng kaaway, o pag-iipon ng impormasyon tungkol sa pusakal na mga kaaway at iba pang may utang na dugo sa sambayanan, na sa malao't madali'y papatawan ng rebolusyonaryong katarungan para sa kanilang mga krimen.

Iyong iba pa nating mga kababayan ay maaaring magbuo ng sarili nilang mga armadong grupo para lumaban sa diktadura. Laging handa ang Bagong Hukbong Bayan na magbigay ng tulong gaya ng pagsasanay na pampulitika at militar, at koordinasyon sa pagbubunsod ng mga taktikal na operasyon.

Iyon namang mga kababayan nating nananatili sa mga kalunsuran ay pinanana-


wagan naming kumilos at magpalakas sa pinakamalawak na mabubuong alyansa at pakikipagkaisa sa hanay ng lahat ng demokratikong mga organisasyong hayag na nakikibaka sa diktadura.

Samantala, nagpapalakas at nagpapalawak ang lihim na organisasyon ng NDF, ang pormal na organisasyon ng pambansang nagkakaisang prente laban sa pasismo, imperyalismo at pyudalismo. Binubuklod ng NDF ang lahat ng rebolusyonaryong partido, kilusan, organisasyon at grupo sa ating bayan, pinaplano at pinag-uugnay ang kanilang mga rebolusyonaryong pagsisikap dito at sa ibayong dagat. Handa rin itong pumasok sa mga relasyong mutwal na kapaki-pakinabang sa pagitan nito at iba pang organisasyon at pwersang anti-diktadura, kabilang na ang mga nagsusulong ng hayag at ligal na mga pakikibaka.

Sa loob ng NDF, bawat isa sa mga kaanib na partido, kilusan, organisasyon at grupo ay nagtatamasa ng kasarinlan at inisyatiba. Ngunit pinaplano, pinag-kakaisa at kinokoordina ng mga ito ang kanilang mga pagkilos para maiharap ang solidong prente laban sa kaaway, at para makayanang magbigay ng pinakaepaktibong bigwas dito.

## 4 Itayo ang ating organisadong lakas habang pinauulanan ng pinakamariing bigwas na militar at pulitikal ang diktadurang US-Marcos.

Habang mariing binibigwasan ng mamamayan ang kaaway sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at ng hayag na kilusang masa, dapat nating pag-ibayuhin ang pagtatayo ng ating organisadong lakas. Mainam ang mga kalagayan para dito.



Milyun-milyong kababayan natin ang handa para lumahok sa hayag na mga pakikibakang masa, gaya ng pinatutunayan ng masigla nilang partisipasyon sa mga aksyong masang anti-diktadura nitong huli. Habang ineengganyo natin silang mag-inisyatiba sa pagbubunsod ng iba-ibang tipong aksyong masa, dapat nating paunlarin ang organisado, tuluy-tuloy at militanteng kilusang makapagpapaulan ng palakas nang palakas na mga bayo sa kaaway.

Kailangang mabuo at mapalaki ang maraming organisasyon--may hayag at ligal at mayroon namang lihim, may nakabase sa syudad at may pangkanayunan, may malaki't maliit, sektoral at multisektoral, may nakatuon sa kagyat na mga isyu at may pangmatagalan. Kailangang konsolidahin ang mga organisasyong ito--mga paninindigan at layunin ng mga samahan, at paunlarin ang kahusayan sa pampulitikang gawain ng mga organisasyon at indibidwal na mga kasapi. Kailangang maglunsad ang mga organisasyong ito ng mga taktikal na pakikibaka para hakbang-hakbang na isulong ang kanilang mga layunin, at para masubok at mapaunlad ang kakayahan at militansya ng mga organisasyon at kasapi.

Nananawagan kami sa mamamayan na mag-inisyatiba sa pagbubuo ng matatatag at militanteng mga organisasyon sa kani-kanilang sektor at lugar. Pakunwari pa ring kinikilala ng diktadura ang karapatan ng mamamayan na igiit ang kanilang lehitimong interes at labanan ang pag-iral ng diktadura o mga partikular na patakaran nito.

Pagtulung-tulungan nating palawakin at palakasin pa ang mga lihim na organisasyong rebolusyonaryo at ang kilusang lihim sa kabuuan. Ito ang titiyak sa tuluy-tuloy na paglawak at pagsulong ng hayag na mga pakikibakang masa at ng armadong pakikibaka, habang bumibigo sa pagtatangka ng kaaway na salakayin ang hayag na kilusan at mga aktibista nito.

Bilang pagtataguyod sa mga pagsisikap na ito, ipinananawagan din namin sa mamamayan na patindihin pa ang paggawa, pagpaparami, at pamamahagi ng pambansa-demokratikong mga pahayagan at manipesto at iba pang babasahin. Pagtulung-tulungan nating itaas ang antas ng kamalayang pampulitika ng mga mas nahuhuling kababayan natin, sa pamamagitan ng mga babasahing ito at ng mga talakayang publiko, pag-uusap ng maliliit na grupo, at kahawig na mga pagsisikap.

Habang binabayo natin ang kaaway ng mas marami at mas malalaking aksyong masa, dapat nating tiyakin na ang mga pagsisikap na ito'y natatambalan ng solidong pag-oorganisa at konsolidasyon.

5. **Nyutralisahin at himukin pumanig sa mamamayan ang mga sundalo at tauhang paramilitar ng kaaway, gayundin ang nakabababang mga upisyal at empleyado ng gubyerno.**

Sa hanay ng mamamayan nagmumula ang malaking mayorya ng bumubuo sa reaksyonaryong AFP at sa mga katulong ng AFP gaya ng mga pulis at bumbero, myembro ng CHDF, at baranggay tanod. Halimbawa, karamihan ng karaniwang mga sundalo ng AFP at mga tauhan ng CHDF ay nagmumula sa mga pamilyang magsasaka at manggagawa. Marami sa kanila ang naglilingkod ngayon sa diktadurang US-Marcos hindi dahil naniniwala sila rito kundi dahil pinilit silang umanib (gaya ng mga treyni sa AFP at mga tauhan ng CHDF) o kaya'y wala silang nakitang ibang hanapbuhay.



Karamihan sa nakatataas na mga upisyal ng AFP ay bulok at may personal na katapatan kay Marcos. Nagpapasasa sila sa kayamanan at mga pribilehiyong nakamit sa ilalim ng pasistang batas militar. May ganito ring kabulukan ang marami sa panggitnang mga upisyal ng AFP.

Samantala, mababa naman ang sweldo ng karaniwang mga sundalo. Madalas pang ang mga sweldo nila't alawans ay naaantala o kinakaltasan pa ng tiwaling mga upisyal. Masama ang loob nila, gaya rin ng mga di bulok na upisyal sa panggitna at mababang mga antas, na nakatatanto na ang "paglilingkod sa bayan" ay pilit ngayong ginawang paglilingkod sa maliit na pangkating Marcos at sa imperyalismong US. Mababa rin ang sweldo ng mga pulis, bumbero, tauhan ng CHDF at baranggay tanod na, ayon sa dikreto ng diktador, ay bahagi ng reaksyonaryong sandatahang lakas.

Nananawagan kami sa mga ordinaryong sundalo at nakabababang mga upisyal ng AFP, sa mga pulis, bumbero, tauhan ng CHDF at baranggay tanod, na huwag nang magpagamit pa sa pasistang diktadura.


Nananawagan kami sa inyo na pumanig na sa mamamayan, dala ang inyong mga baril kung maaari. Kung sa anumang dahilan ay hindi kayo makaalis ngayon, huwag na lamang kayong gumawa ng mga krimen laban sa mamamayan at huwag ninyong susundin ang mga utos na nakapipinsala sa interes ng mamamayan. Kapag nag-aambus o nagrereyd ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan, at pinasusuko kayo, sumunod kayo agad. Didisarmahan kayo ngunit di sasaktan. Huwag na ninyong itaya pa ang inyong buhay para sa mga kaaway ng sambayanan.

Nananawagan din kami sa mga nasa burukrasya, laluna ang karaniwang mga manggagawa at empleyado, gayundin sa mga panggitna at nakabababang upisyal, na kumampi na sa mamamayan. Iyong mga di makapagbitiw ngayon sa anumang dahilan ay maaaring manatili sa kanilang mga pwesto at mag-ipon ng impormasyon at ipasa ito sa mga pwersa ng mamamayan, manabotahe sa mga operasyon ng kani-kanilang upisina, o mangumpiska at magpasa ng mga kagamitan at suplay na pang-upisina na magagamit ng lihim na makinarya ng impormasyon.

Marami sa ating mga kababayan ang may mga kaibigan at kamag-anak sa AFP sa mga yunit paramilitar ng diktadura, at sa burukrasya. Kausapin natin sila, sulatan, at himukin. Kumbinsihin natin silang tumigil na sa paglilingkod sa imperyalismong US at sa pangkating Marcos, at pumanig na sa sambayanang Pilipino.

6. **Ihiwalay ang diktadurang US-Marcos sa buong daigdig at pagpunyagiang makamit ang pinakamalawak na suporta para sa rebolusyong Pilipino.**

Sa iba't ibang bahagi ng daigdig, ang mga yunit ng NDF ay nagpupunyagi para magkamit ng suporta para sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas, at nagpapahayag din ng pakikipagkaisa sa mga kasama at kaibigang banyaga na nagbubunsod din ng anti-imperyalista't demokratikong mga pakikibaka.



Nagsasagawa rin ang NDF ng pampulitika't pang-organisasyong gawain sa daan-daang libong kababayan natin na pansamantalang nagtatrabaho sa ibayong-dagat o permanente nang naninirahan doon, at pinatutulong sila sa mga pakikibaka nating mga narito sa ating bayan.

Gayunman, napakarami pa ng dapat gawin. Napakalawak at napakalalim ng mapagkukunan natin ng suporta sa buong daigdig, pero sa ngayon, nagsisimula pa lang tayong wika nga'y sumalok sa dagat.

Habang mapagsumakit na nagpapalawak at nagkokonsolida ng sariling hanay at mga larangan ng operasyon ang mga yunit ng NDF, nananawagan kami sa ating mga kababayan sa ibayong-dagat na tumulong sa paghihiwalay sa diktadurang US-Marcos sa pamamagitan ng mga mobilisasyon at sa pamamagitan ng propaganda at lahat ng magagamit na daluyan ng talakayang publiko. Maaari nilang hingin sa mga gubyerno at mga demokratikong institusyon at organisasyon sa mga lugar na kanilang tinitirhan ngayon na magkait ng anumang anyo ng tulong sa pangkating Marcos. Nananawagan din kami sa mga kababayan nating ito na magpadala ng materyal na suporta sa rebolusyon dito sa Pilipinas at tumulong din sa pagkuha ng suportang pulitikal at materyal mula sa mga kaibigang banyaga.

May natatangi kaming panawagan sa ating mga kapatid, ang sambayanang Amerikano. Suportahan ninyo kami sa makatarungang pakikibaka laban sa rehimeng Marcos at imperyalismong US, sa pamamagitan ng paglaban sa patuloy at papalaki pa ngang pagsuporta ng administrasyong Reagan sa rehimen. Habang sumusulong ang aming rebolusyon, tulungan ninyo kaming labanan ang papatinding panghihimasok na militar ng imperyalismong US, na gaya ng ginawa nito sa Vietnam, Kampuchea at Laos, at gaya ng sinisimulan nito ngayon sa Gitnang Amerika at sa Gitnang Silangan.

Ang mga kababayan natin sa Pilipinas na may mga kamag-anak at kaibigan sa ibayong-dagat ay hinihingi naming makipag-ugnayan sa kanila at ipaalam sa kanila ang tunay na mga kalagayan dito sa Pilipinas at manawagan sa kanila na mag-ambag ng bahagi nila sa pagbabagsak sa diktadurang nagdulot sa atin ng napakalaking paghihirap at pagdurusa.

Habang ginagawa ng bawat isa sa atin ang sariling bahagi, at tayong lahat ay nagtutulung-tulong, pinabibilis natin ang pagbagsak ng kinamumuhiang diktadura at hinahawan ang landas upang ang pambansang independensya, demokrasya, pambansang pagkakaisa at kasaganaan ay makamit ng kasalukuyan at lahat ng susunod pang henerasyon ng sambayanang Pilipino.

Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas
Oktubre 7, 1983